ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ABRIL 2020

Liahona

ANG Buhay na Cristo AT ANG PATULOY NA Panunumbalik

Pangulong Nelson: Ang Kinabukasan ng Simbahan, pahina 6

Ang Iyong Papel sa Patuloy na Panunumbalik, pahina 18

Pasko ng Pagkabuhay sa Aklat ni Mormon, mga pahina 24, 28

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Nairobi
Kenya

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

Habang nagpapatuloy ang Panunumbalik, natatagpuan ang ebanghelyo sa buong mundo. Ang Kenya ay isang halimbawa ng paglago ng Simbahan sa Africa.

mga miyembro — 14,143

2 — stake

kongregasyon — 48

1 — mission

family history center — 5

78 — porsiyento ng populasyon ay Kristiyano

1979 Sumapi sa Simbahan ang mga unang lokal na convert.

1988 Nakalikom ng pondo ang espesyal na ayuno para maibsan ang tagtuyot sa 15 baryo.

2001 Inorganisa ang Nairobi Stake.

2020 Lubusan nang napatakbo ang mga area office sa Nairobi, na naglilingkod sa 100,000 mga miyembro sa 18 bansa sa gitnang Africa.

Ang Kinabukasan ng Simbahan
Pangulong Russell M. Nelson
6

Ministering sa Pamamagitan ng Pangkalahatang Kumperensya
14

Ang Patuloy na Panunumbalik
Elder LeGrand R. Curtis Jr.
18



Ano ang Kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay para sa Akin?
28

200 Taon ng Liwanag

Isang maganda at maaliwalas na araw 200 taon na ang nakararaan, pumasok ang isang binatilyo sa isang kakayuhan na may hangaring humingi ng tawad at ipagdasal kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Mula sa isang mahimalang pangitain, nalaman niya na hindi siya dapat sumapi sa alinman sa mga ito. Iyon ang tanda ng pagsisimula ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo—isang proseso na nagpapatuloy sa ating panahon.

Sa isyung ito, ipinagdiriwang natin ang 200 taon ng liwanag:

- Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson kung paano tayo maihahanda, pati na ang iba, ng pagtitipon ng Israel sa magkabilang panig ng tabing para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon (pahina 6).
- Ipinakita ni Elder LeGrand R. Curtis Jr. kung paano nakatulong ang mga Banal sa mga Huling Araw sa patuloy na Panunumbalik—at kung paano makakatulong ang bawat isa sa atin (pahina 18).
- Para sa mga kabataan, ibinahagi ni Elder Neil L. Andersen ang limang katotohanan na matututuhan natin mula sa Unang Pangitain (pahina 52).

Habang natututo tayo mula sa mga salita ng ating propeta at sa mga kuwento ng matatapat na Banal, nawa'y malaman natin ang nalaman ni Propetang Joseph 200 taon na ang nakararaan: na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay tunay at buhay na mga nilalang na nagmamahal sa atin. At ibahagi natin ang kaalamang iyan sa ating mga kaibigan at kapitbahay.

Tapat na sumasainyo,
Elder Randy D. Funk ng Pitumpu
Editor ng Mga Magasin ng Simbahan

Mga Nilalaman

5 **Pangkalahatang Kumperensya sa Paglipas ng mga Taon**

6 **Ang Kinabukasan ng Simbahan**
Ni Pangulong Russell M. Nelson
Inihahanda ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mundo para sa pagbabalik ng Tagapagligtas.

12 **Mga Larawan ng Pananampalataya**
Berglind Guðnason
Nang hindi na niya makayanan ang kanyang pakikibaka sa depresyon, naging bukas na si Berglind tungkol sa kanyang mga paghihirap, at tinulungan siya ng Ama sa Langit na gumaling.

14 **Mga Alituntunin ng Ministering**
Ministering sa Pamamagitan ng Pangkalahatang Kumperensya
Ang pangkalahatang kumperensya ay nagbibigay sa atin ng maraming paraan upang makapaglingkod—bago idaos, habang idinaraos, at matapos idaos ang pangkalahatang kumperensya.

18 **Ang Patuloy na Panunumbalik**
Ni Elder LeGrand R. Curtis Jr.
Ang Panunumbalik ay nagsimula sa Sagradong Kakahuyan 200 taon na ang nakararaan, at nagpapatuloy ito ngayon.

24 **Nagkaroon Sila ng Pag-asa na Paparito si Cristo—at Magagawa Rin Natin Iyan**
Ni Mindy Selu
Maaari tayong umasa sa Ikalawang Pagparito ni Cristo na katulad ng mga propeta sa Aklat ni Mormon.

28 **Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin: Aklat ni Mormon**
Gamitin ang mga lingguhang artikulong ito upang mapahusay ang pag-aaral mo ng Aklat ni Mormon sa buwang ito.

32 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
Binigyan ng isang ama ang kanyang anak ng isang walang-katumbas na regalo; naalala ng isang nagdadalamhating ina ang biyaya ng Diyos; pinagnilayan ng isang sister ang kahalagahan ng isang kaluluwa; nakatulong ang pananampalataya ng isang bata sa kanyang pamilya.

36 **Mga Aral mula sa Aklat ni Mormon**
Isang Malaking Pagbabago ng Puso
Ni Elder Kyle S. McKay
Kapag nagsisi tayo, maaaring magdulot ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ng isang malaking pagbabago sa ating puso.

40 **Pagpapaganda ng Ating Karanasan sa Templo**
Ng Unang Panguluhan

Maiikling Babasahin

Suporta sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

Sa Pabalat
Larawang kuha ni Stefano Cirianni

Mga Bahagi

Mga Young Adult
42

Ang mga young adult ay **mahalagang bahagi ng patuloy na Panunumbalik.** Alamin kung paano ka makakatulong!

Mga Kabataan
50

Ang Unang Pangitain ay **patunay ng pagmamahal ng Diyos** para sa Kanyang mga anak—lalo na sa mga naghahanap sa Kanya.



Mga Bata
Kaibigan

Ipinanumbalik na ang Simbahan ni Jesucristo!

MGA ARTIKULO NG ABRIL NA DIGITAL LAMANG

Pinipigilan Ka ba ng Iyong Nakaraan?

Ni Jeff Bates

Ibinahagi ng isang young adult kung paano makakatulong ang pag-anyaya kay Jesucristo sa ating buhay para sumulong tayo.

Asiwang Gamitin ang Buong Pangalan ng Simbahan Ngunit Sulit Ito

Ni Lauri Ahola

Ibinahagi ng isang young adult kung paano nakatulong sa kanya ang pag-sunod sa payo ni Pangulong Nelson na mas maibahagi ang ebanghelyo.

Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paggawa ng Gawain ng Panginoon

Ibinahagi ng mga young adult sa buong mundo kung paano sila nakikibahagi sa patuloy na Panunumbalik.

HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.ChurchofJesusChrist.org, maaari mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Tuklasin ang nilalaman ng mga artikulong digital lamang.
- Hanapin ang mga nakaraang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback.
- Mag-subscribe o ibigay bilang regalong subscription.
- Paghusayin ang iyong pag-aaral gamit ang digital tools.
- Ibahagi ang iyong mga paboritong artikulo at video.
- I-download o i-print ang mga artikulo.
- Pakinggan ang iyong mga paboritong artikulo.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Magpadala ng mga tanong at feedback sa liahona@ChurchofJesusChrist.org.

Isumite ang iyong mga kuwento sa liahona.ChurchofJesusChrist.org o ipadala sa koreo sa:
Liahona, floor 23
50 E. North Temple Street
Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

ABRIL 2020 TOMO 23 BLG. 4
LIAHONA 16719 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Randy D. Funk

Mga Tagapayo: Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Tagapamahala ng Business: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Katuwang ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Katuwang sa Paglalathala: Camila Castrillón

Pagsulat at Pag-edit: David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Desinyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala ng Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Distribusyon: Nelson Gonzalez

Mailing address: *Liahona,* Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

Impormasyon sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

For Readers in the United States and Canada: April 2020 Vol. 23 No. 4. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

PANGKALAHATANG KUMPERENSYA SA PAGLIPAS NG MGA TAON

Ngayon sa ika-190 taon nito, matagal nang tradisyon ang pangkalahatang kumperensya tuwing Abril at Oktubre, ngunit may ilang nakatutuwang pagbabago sa nagdaang mga taon:

1830

Dalawang buwan matapos iorganisa ang Simbahan, namuno si Joseph Smith sa unang pangkalahatang kumperensya sa Fayette, New York. Mga 30 miyembro at ilang iba pa ang dumalo.

1850

Inilathala ng *Deseret News* ang unang buong ulat ng kumperensya dahil naisulat ng bata pang reporter na si George D. Watt ang mga mensahe sa shorthand.



two P. M.

Conference called to order by W. Snow; singing, prayer by W. Snow, singing.

Elder O. Hyde delivered a lecture to the Honorable Chancellor and board of Regents of the University of the State of Deseret, in presence of the Conference, on Education.

Education is not confined to letters only, but to the excluding of all darkness, and when a man has ascended to the summit, he

guage is better than n
If you could bring all
thors now living, tog
will express their idea
ent words, and they wi
that our language is
yet we have to use tha
have, in order to acco
object which is before
fil the obligations we
one to the other, by u
struments already in o
A certain portion of
perty ought to be dev

1867

Tumagal ang pangkalahatang kumperensya nang apat na araw sa halip na karaniwa'y tatlo lamang dahil ipinasiya ng kongregasyon na manatili nang isa pang araw.

1924

Ang mga mikropono ay unang ginamit sa pulpito sa Tabernacle. Dati-rati, kinailangang umasa ng mga tagapagsalita sa lakas ng kanilang tinig para marinig sila.

1949

Gamit ang mga kamera sa Tabernacle, unang isinahimpapawid ang kumperensya sa telebisyon.

1962

Ininterpret ang mga mensahe sa iba pang mga wika—German, Dutch, at Spanish—sa unang pagkakataon sa Tabernacle. Ngayon ang mga mensahe ay ini-interpret o isinasalin sa mahigit 90 wika!

1967

Isinahimpapawid ang pangkalahatang kumperensya sa TV nang may kulay. Nakasuot ng light blue jacket ang kalalakihan ng Tabernacle Choir, at nakasuot naman ang kababaihan ng blusang kulay salmon.

1977

Mula sa tatlong araw at anim na pangkalahatang sesyon, tumagal nang dalawang araw ang kumperensya at kinabilangan ng limang pangkalahatang sesyon.

2000

Ginanap sa bagong Conference Center sa Salt Lake City, na 21,000 tao ang makakaupo, ang una nitong pangkalahatang kumperensya.

Upang mahanap ang mga mensahe mula sa kasalukuyan at nakaraang mga pangkalahatang kumperensya, bumisita sa **gc.ChurchofJesusChrist.org** o sa bahaging "General Conference" ng Gospel Library app.

PAGLALARAWAN NG PODIUM NI DAVID GREEN; RETRATO NG TELEBISYON MULA SA GETTY IMAGES

Inihahanda ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mundo para sa araw na “ang lupa ay mapupuno ng kaalaman [tungkol sa] Panginoon” (Isaias 11:9).

200 TAON NG LIWANAG

1820–2020

Ni Pangulong Russell M. Nelson

Ang Kinabukasan ng Simbahan

PAGHAHANDA SA MUNDO PARA SA IKALAWANG PAGPARITO NG TAGAPAGLIGTAS

Nakakalahok tayo pareho sa patuloy na Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kamangha-mangha ito! Hindi ito gawa ng tao! Nagmumula ito sa Panginoon, na nagsabing, "Aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito" (Doktrina at mga Tipan 88:73). Ang gawaing ito ay pinalakas pa ng isang sagradong pahayag 200 taon na ang nakalipas. Binubuo lang ito ng walong salita: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Sinambit ng Diyos na Maykapal, inilapit ng pahayag na iyan ang binatilyong si Joseph Smith sa Panginoong Jesucristo. Ang walong salitang iyon ang nagpasimula sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo. Bakit? Dahil ang ating buhay na Diyos ay isang mapagmahal na Diyos! Nais Niyang magtamo ang Kanyang mga anak ng kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan! Ang dakilang gawain sa mga huling araw kung saan kabahagi tayo ay itinatag, sa takdang panahon, para pagpalain ang isang mundong naghihintay at nananangis.

Tuwing babanggitin ko ang Panunumbalik napupuspos ako ng galak. Ang tunay na pangyayaring ito ay talaga namang kagila-gilalas! Kamangha-mangha! Makapigil-hininga! Gaano kagila-gilalas ito na pati ang mga sugo ng langit ay dumating upang bigyan ng awtoridad at kapangyarihan ang gawaing ito?

Ngayon, ang gawain ng Panginoon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mabilis na sumusulong. Ang Simbahan ay magkakaroon ng hinaharap na mas maganda kaysa inakala ninuman. "Hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, . . . [ang] mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya" (I Mga Taga Corinto 2:9; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:10).

WITHIN OUR GRASP (ABOT-KAMAY NATIN). NI JAY BRYANT WARD, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Tandaan na ang kabuuan ng ministeryo ni Cristo ay nasa hinaharap. Ang mga propesiya tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito ay matutupad pa lamang. Nagtatayo pa lamang tayo hanggang sa pinakamahalagang bahagi ng huling dispensasyong ito—kapag nagkatotoo na ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Pagtitipon ng Israel sa Magkabilang Panig ng Tabing

Ang isang kinakailangang pasimula sa Ikalawang Pagparitong iyon ay ang pinakahihintay na pagtitipon ng ikinalat na Israel (tingnan sa 1 Nephi 15:18; tingnan din sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon). Ang doktrinang ito ng pagtitipon ay isa sa mahahalagang turo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ipinahayag ng Panginoon: "Magbibigay ako sa inyo ng palatandaan . . . na aking titipunin, mula sa matagal na nilang pagkakakalat, ang aking mga tao, O sambahayan ni Israel, at muling itatatag sa kanila ang aking Sion" (3 Nephi 21:1).

Hindi lamang natin itinuturo ang doktrinang ito, kundi nakikibahagi rin tayo rito. Ginagawa natin ito sa pagtulong nating tipunin ang mga hinirang ng Panginoon sa magkabilang panig ng tabing. Bilang bahagi ng nakaplanong tadhana ng mundo at ng mga naninirahan dito, ang ating yumaong mga kamag-anak ay tutubusin (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:15). Ang paanyayang "lumapit kay Cristo" (Jacob 1:7; Moroni 10:32; Doktrina at mga Tipan 20:59) ay maaari ding ipaabot nang may awa sa mga namatay na walang kaalaman ng ebanghelyo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:6–8). Gayunman, kailangan sa bahagi ng kanilang paghahanda ang mga pagsisikap ng iba sa lupa. Nagtitipon tayo ng mga pedigree chart, gumagawa ng family group sheet, at nagsasagawa ng gawain sa templo para sa mga patay upang matipon ang mga tao sa Panginoon at sa kanilang pamilya" (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29; I Ni Pedro 4:6).

Ang mga mag-anak ay ibubuklod nang sama-sama sa kawalang-hanggan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 2:2–3; 49:17; 138:48; Joseph Smith—Kasaysayan 1:39). Isang pag-uugnay ang dapat mabuo sa pagitan ng mga ama at ng mga anak. Sa ating panahon, ang buo, kumpleto, at ganap

Tandaan na ang kabuuan ng ministeryo ni Cristo ay nasa hinaharap.

HOLINESS TO THE LORD [KABANALAN SA PANGINOON] NI JAY BRYANT WARD, HINDI MAAARING KOPYAHIN

ROCK OF OUR SALVATION [BATO NG ATING KALIGTASAN] NI JAY BRYANT WARD, HINDI MAAARING KOPYAHIN

na pagsasama-sama ng lahat ng dispensasyon, susi, at kapangyarihan ay pag-uugnay-ugnayin (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 128:18). Para sa mga sagradong layuning ito, ang mga banal na templo ay makikita na sa maraming bahagi ng daigdig. Muli kong binibigyang-diin na maaaring hindi mabago ng pagtatayo ng mga templong ito ang inyong buhay, ngunit tiyak na mababago ito ng paglilingkod ninyo sa templo.

Paparating ang panahon na ihihiwalay ang mga hindi sumusunod sa Panginoon sa mga taong sumusunod (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 86:1–7). Ang pinakaligtas na kasiguruhan natin ay ang patuloy na maging karapat-dapat sa pagpasok sa Kanyang banal na bahay. Ang pinakadakilang regalo na maaari ninyong ibigay sa Panginoon ay ang manatili kayong walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, na karapat-dapat na pumasok sa Kanyang banal na bahay. Ang ipagkakaloob Niya sa inyo ay kapayapaan at katiwasayan sa pagkaalam na karapat-dapat kayong humarap sa Kanya, kailan man dumating ang pagkakataong iyon.

Bukod sa gawain sa templo, ang pagdating ng Aklat ni Mormon ay palatandaan sa buong mundo na sinimulan na ng Panginoon na tipunin ang Israel at tuparin ang mga tipang ginawa niya kina Abraham, Isaac, at Jacob (tingnan sa Genesis 12:2–3; 3 Nephi 21; 29). Ipinapahayag ng Aklat ni Mormon ang doktrina ng pagtitipon (tingnan, halimbawa, sa 1 Nephi 10:14). Dahil dito nalalaman ng mga tao ang tungkol kay Jesucristo, naniniwala sa Kanyang ebanghelyo, at sumasapi sa Kanyang Simbahan. Sa katunayan, kung wala ang Aklat ni Mormon, ang pangakong pagtitipon ng Israel ay hindi magaganap.

Mahalaga rin ang gawaing misyonero sa pagtitipong iyon. Ang mga lingkod ng Panginoon ay humahayo na ipinapangaral ang Panunumbalik. Sa maraming bansa nagsaliksik na ang ating mga miyembro at missionary tungkol sa mga ikinalat na Israel; hinanap na nila ang mga ito "sa mga bitak ng mga malaking bato" (Jeremias 16:16); at nagtanung-tanong na sila tungkol sa mga ito, tulad noong unang panahon.

Ang pinakadakilang regalo na maaari ninyong ibigay sa Panginoon ay ang manatili kayong walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, na karapat-dapat na pumasok sa Kanyang banal na bahay.

Iniuugnay ng gawaing misyonero ang mga tao sa tipan na ginawa ng Panginoon kay Abraham noong unang panahon:

"Ikaw ay magiging isang pagpapala sa iyong mga binhi na susunod sa iyo, na sa kanilang mga kamay ay dadalhin nila ang pangangaral na ito at Pagkasaserdote sa lahat ng bansa;

"At aking pagpapalain sila sa pamamagitan ng iyong pangalan; sapagkat kasindami ng tatanggap ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga binhi, at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang ama" (Abraham 2:9–10).

Ang gawaing misyonero ay simula lamang ng pagpapala. Ang katuparan, ang kaganapan, ng mga pagpapalang iyon ay dumarating kapag ginawang perpekto ng mga lumusong sa mga tubig ng binyag ang kanilang buhay hanggang sa makapasok na sila sa banal na templo. Ang pagtanggap ng endowment doon ay nagbubuklod sa mga miyembro ng Simbahan sa tipang Abraham.

Ang desisyon na lumapit kay Cristo ay hindi nakabatay sa kinaroroonan ninyo; ito'y batay sa katapatan ng tao. Lahat ng miyembro ng Simbahan ay may access sa mga doktrina, ordenansa, susi ng priesthood, at pagpapala ng ebanghelyo, saan man sila naroon. Ang mga tao ay maaaring "[dalhin] sa kaalaman ng Panginoon" (3 Nephi 20:13) nang hindi nililisan ang kanilang sariling bayan.

Tunay na noong bago pa lang ang Simbahan, kaakibat ng pagbabalikloob ang pandarayuhan. Ngunit ngayon ang pagtitipon ay ginagawa sa bawat bansa. Ipinahayag ng Panginoon ang pagtatatag ng Sion (tingnan

Nangangako ako sa inyo na kapag sumunod kayo kay Jesucristo, makasusumpong kayo ng patuloy na kapayapaan at tunay na kagalakan.

sa Doktrina at mga Tipan 6:6; 11:6) sa bawat lugar kung saan isinilang at naninirahan ang Kanyang mga Banal. Ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Brazilian ay sa Brazil; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Nigerian ay sa Nigeria; ang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na Korean ay sa Korea. Ang Sion ay "ang may dalisay na puso" (Doktrina at mga Tipan 97:21). Ito ay nasa kinaroroonan ng mabubuting Banal.

Ang espirituwal na kapanatagan ay laging nakasalalay sa *kung paano* namumuhay ang isang tao, hindi *kung saan* siya naninirahan. Ipinapangako ko na kung gagawin natin ang lahat sa pagsampalataya kay Jesucristo at gagamitin natin ang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsisisi, magkakaroon tayo ng kaalaman at kapangyarihan ng Diyos para tulungan tayong madala ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bansa , lahi, wika, at tao at ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.

Ang Ikalawang Pagparito

Babalik ang Panginoon sa lupaing ginawa Niyang banal sa Kanyang misyon dito sa mortalidad. Matagumpay, muli Siyang darating sa Jerusalem. Nakasuot ng pulang bata bilang simbolo ng Kanyang dugo, na dumaloy mula sa bawat butas ng balat, babalik Siya sa Banal na Lungsod (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:46–48). Doon at sa ibang lugar, "ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 101:23). Ang Kanyang "pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan" (Isaias 9:6).

Mamamahala Siya mula sa dalawang kabisera ng mundo: isa sa lumang Jerusalem (tingnan sa Zacarias 14) at ang isa pa sa Bagong Jerusalem na "itatayo sa lupalop ng Amerika" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10). Mula sa mga sentrong ito gagabayan Niya ang mga gawain ng Kanyang Simbahan at kaharian. Isa pang templo ang itatayo sa Jerusalem. Mula sa templong iyon maghahari Siya magpakailanman bilang Panginoon ng mga Panginoon. Lalabas ang tubig mula sa ilalim ng templo. Ang mga tubig ng Dead Sea ay gagaling. (Tingnan sa Ezekiel 47:1–8.)

Sa araw na iyon tataglayin Niya ang mga bagong katawagan at paliligiran Siya ng natatanging mga Banal. Kikilalanin Siya bilang "Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari; at [ang mga makakasama] niya [ay ang mga taong] tinawag at mga pili at mga tapat"

FEED MY SHEEP [PAKANIN MO ANG AKING MGA TUPA], NI JAY BRYANT WARD, HINDI MAAARING KOPYAHIN

(Apocalipsis 17:14) sa ipinagkatiwala sa kanila dito sa mortalidad. Pagkatapos, Siya'y "maghahari magpakailan kailan man at walang katapusan" (Apocalipsis 11:15).

Ibabalik ang mundo sa malaparaisong kalagayan at gagawing bago. Magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa (tingnan sa Apocalipsis 21:1; Eter 13:9; Doktrina at mga Tipan 29:23–24).

Tungkulin natin—pribilehiyo natin—na tumulong na maihanda ang mundo para sa araw na iyon.

Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya

Samantala, ngayon mismo, nabubuhay tayo sa panahon ng kaguluhan. Ang mga lindol at tsunami ay nangwawasak, bumabagsak ang mga gobyerno, lumalala ang mga problema sa ekonomiya, nanganganib ang pamilya, at dumarami ang nagdidiborsyo. Malaki ang dahilan para tayo mag-alala. Ngunit hindi kailangang mapalitan ng takot ang ating pananampalataya. Malalabanan natin ang mga pangambang iyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya.

Bakit natin kailangan ang gayon katatag na pananampalataya? Dahil darating ang mga araw ng paghihirap. Bihirang maging madali o popular sa hinaharap ang pagiging matapat na Banal sa mga Huling Araw. Bawat isa sa atin ay susubukan. Nagbabala si Apostol Pablo na sa mga huling araw, ang mga taong masigasig sumunod sa Panginoon 'ay mangagbabata ng paguusig' [II Kay Timoteo 3:12]. Maaari kayong durugin ng pag-uusig na iyon hanggang sa manghina kayo o ganyakin kayong maging mas mabuting halimbawa at matapang sa araw-araw ninyong buhay.

Kung paano ninyo hinaharap ang mga pagsubok sa buhay ay bahagi ng paglago ng inyong pananampalataya. Lumalakas kayo kapag naaalala ninyo na kayo ay may likas na kabanalan, isang pamanang walang-hanggan ang kahalagahan. Ipinaalala ng Panginoon sa inyo, sa inyong mga anak, at sa inyong mga apo na kayo ay karapat-dapat na mga tagapagmana, na inilaan kayo sa langit para isilang sa tamang panahon at lugar, upang lumago, at maging Kanyang tagadala ng watawat at pinagtipanang mga tao. Sa paglakad ninyo sa landas ng kabutihan ng Panginoon, pagpapalain kayong magpatuloy sa Kanyang kabutihan at magiging liwanag at tagapagligtas sa Kanyang mga tao (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 86:8–11).

Gawin ang anumang kailangan upang palakasin ang inyong pananampalataya kay Jesucristo sa pagpapaibayo ng inyong pag-unawa sa doktrinang itinuturo sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan at sa walang-sawang paghahanap sa katotohanan. Nakaangkla sa dalisay na doktrina, makakasulong kayo nang may pananampalataya at masidhing pagtitiyaga at masayang gawin ang lahat ng inyong makakaya upang matupad ang mga layunin ng Panginoon.

Magkakaroon kayo ng mga araw na madidismaya kayo. Kaya ipagdasal na magkaroon kayo ng tapang na huwag sumuko! Ang malungkot, ipapahamak kayo ng ilang tao na inakala ninyong mga kaibigan ninyo. At tila hindi magiging patas ang ilang bagay.

Gayunman, nangangako ako sa inyo na kapag sumunod kayo kay Jesucristo, makasusumpong kayo ng patuloy na kapayapaan at tunay na kagalakan. Kapag tinutupad ninyo ang inyong mga tipan nang lubusan, at ipinagtatanggol ninyo ang Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa ngayon, bibiyayaan kayo ng Panginoon ng lakas at karunungang isagawa ang mga bagay na tanging mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal ang makagagawa.

Lumalakas kayo kapag naaalala ninyo na kayo ay may likas na kabanalan, isang pamanang walang-hanggan ang kahalagahan.

Kailangan tayong maging mga tagapagtayo ng sariling pananampalataya sa Diyos, pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at pananampalataya sa Kanyang Simbahan. Kailangan nating bumuo ng mga mag-anak at mabuklod sa mga banal na templo. Kailangan nating itatag ang Simbahan at kaharian ng Diyos sa mundo (tingnan sa Mateo 6:33). Kailangang paghandaan natin ang ating sariling banal na tadhana: kaluwalhatian, kawalang-kamatayan, at buhay na walang-hanggan (tingnan sa Mga Taga Roma 2:7; Doktrina at mga Tipan 75:5).

Mapagpakumbaba kong pinatototohanan sa inyo na—tulad ng ipinahayag ni Propetang Joseph Smith—ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo "ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na" (*History of the Church,* 4:540).

Abala tayo sa gawain ng Diyos na Maykapal. Nawa'y mapasa-bawat isa sa inyo ang Kanyang mga pagpapala. ■

Berglind Guðnason

Árnessýsla, Iceland

Berglind (kaliwa) kasama ang kanyang kapatid na si Elín (kanan). Noong pinakamatindi ang depresyong naranasan ni Berglind, pakiramdam niya ay hindi na niya kakayaning mabuhay. Nang ipagtapat niya sa pamilya at mga kaibigan ang kanyang mga pakikibaka, nagkaroon siya ng espirituwal at emosyonal na paggaling sa pamamagitan ng mga kasangkapang nailaan ng Ama sa Langit.
MINDY SELU, RETRATISTA

Ang pag-uusap namin ng pamilya at mga kaibigan ko tungkol sa aking depresyon ay nakatulong nang malaki. Naghatid din ito ng iba pang tulong. Ayaw kong uminom ng mga gamot o magpa-therapy. Palagi kong sinasabi sa sarili ko, "Tutulungan ako ng Diyos." Ngunit ang Diyos ay naglalaan ng maraming iba pang mga kasangkapan, tulad ng gamot at therapy, para gamitin natin bukod pa sa mga espirituwal na bagay.

Noong nasa pinakamatinding depresyon ako, sinasabi sa akin ng mga tao, "Gagaling ka." Mapapagod akong marinig iyon pero, kakatwa mang pakinggan, totoo iyon.

Hindi ko inakala kailanman na magiging masaya ako na katulad ngayon. May mga araw pa rin na nahihirapan ako, pero sa mga kasangkapang naibigay sa akin ng Ama sa Langit, kakayanin ko iyon. Ngayon kapag nadarama ko na bumabalik ang depresyon ko, sinasabi ko sa sarili ko na may nagmamahal sa akin, may mga tao akong makakausap at gagaling ako.

TUKLASIN ANG IBA PA
Tingnan ang iba pa tungkol sa pananampalataya ni Berglind, pati na ang mga karagdagang larawan, online o sa bersyon ng artikulong ito sa Gospel Library sa **ChurchofJesusChrist.org/go/42013.**

Mga Alituntunin ng Ministering

MINISTERING SA PAMAMAGITAN NG **PANGKALAHATANG KUMPERENSYA**

Sa lahat ng nakasisiglang mga sipi, tradisyon ng pamilya, at turo mula sa mga lingkod ng Panginoon, ang pangkalahatang kumperensya ay nagbibigay sa atin ng maraming paraan para makapag-minister o maglingkod—bago idaos, habang idinaraos, at matapos idaos ang pangkalahatang kumperensya!

Bilang mga guro sa klase ng mission-preparation o paghahanda para sa misyon, regular na hinahamon nina Susie at Tom Mullen ang mga miyembro ng klase na anyayahan ang isang tao na manood ng pangkalahatang kumperensya.

"Ang pag-anyaya sa isang tao na gumawa ng isang bagay ay mahalagang bahagi ng gawaing misyonero, at angkop din ito sa ministering," sabi niya. "Regular na inirereport ng mga estudyante namin kung gaano kaganda ang kinalabasan niyon para sa kanila at gayon din sa taong inanyayahan nila."

Narito ang ilan sa mga paraan ng pagtulong na inireport ng kanilang mga estudyante:

- "Nagmi-minister o naglilingkod kami sa isang kaibigan na may ilang problemang nararanasan. Inanyayahan namin siyang makinig sa pangkalahatang kumperensya para sa mga sagot. Nang kausapin namin siya pagkatapos ng kumperensya, sinabi niya sa amin na napakarami niyang narinig na ideya na makakatulong."
- "Nagdaos kami ng party ng pangkalahatang kumperensya at nagdala ng makakain ang lahat na mapagsasalu-saluhan. Nakakatuwa kaya nagpasiya kaming ulitin iyon."
- "Inanyayahan ko ang isang kaibigan na manood kami ng pangkalahatang kumperensya. Nang magkausap kami tungkol doon, nagpasiya kaming gamitin ang kotse papunta sa meetinghouse para tingnan kung puwede naming panoorin iyon doon. Nanood nga kami, at iyon ang pinakamagandang karanasan doon!"

Tulad ng natutuhan ng mga Mullen at ng kanilang mga estudyante, maraming paraan para makapag-minister sa pamamagitan ng pangkalahatang kumperensya. Magandang paraan iyon para makapagbahagi ng nakasisiglang mga sipi, tradisyon ng pamilya, makabuluhang talakayan, at turo ng mga lingkod ng Panginoon!

Anyayahan ang Iba sa Inyong Tahanan

“Inutusan ng Tagapagligtas ang Kanyang mga alagad na ‘kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa’ (Juan 13:34). Kaya tinitingnan natin kung paano Niya tayo minahal. . . . Kung gagawin natin Siyang huwaran, dapat ay palagi nating sikaping tumulong na maisali ang lahat.” —Pangulong Dallin H. Oaks[1]

Ilang taon na ang nakararaan **napansin** ng aming kahanga-hangang home teacher na si Mike na isang maliit na laptop lamang ang gamit namin ng tatlong anak ko sa panonood ng pangkalahatang kumperensya. Siya ay **agad nag-anyaya** na magpunta kami sa bahay niya para manood na kasama niya at ng asawa niyang si Jackie, na iginigiit na magugustuhan nilang makasama kami. Tuwang-tuwa ang mga anak ko na manood ng kumperensya sa totoong TV; labis kong pinasalamatan ang pagkakaroon ng suporta; at nagustuhan naming lahat ang pagkakataon na nagkasama-sama kami.

Pagkatapos niyon, naging tradisyon na ang panonood ng pangkalahatang kumperensya na magkakasama kami. Kahit noong magkaroon na kami ng sariling TV, masaya pa rin kaming nagpupunta kina Mike at Jackie na dala ang aming unan, notebook, at meryenda para sa pangkalahatang kumperensya. **Ang pakikinig sa mga salita ng mga propeta** nang magkakasama ay ginawa itong mas espesyal. Naging para kaming magkakapamilya. Nakasama sina Mike at Jackie sa matatalik kong kaibigan at naging pangalawa silang lolo’t lola sa mga anak ko. Ang **pagmamahal at pakikipagkaibigan** nila ay naging isang pambihirang pagpapala sa aking pamilya. Labis akong nagpapasalamat sa kahandaan nilang buksan ang kanilang tahanan at kanilang puso sa amin.

Suzanne Erd, California, USA

MGA ALITUNTUNING DAPAT PAG-ISIPAN

“Napansin”
Mapagmahal na nag-ukol ng panahon ang Tagapagligtas para makita ang mga pangangailangan ng iba at pagkatapos ay kumilos upang matugunan ang mga pangangailangang iyon (tingnan sa Mateo 9:35–36; Juan 6:5; 19:26–27). Magagawa rin natin iyan.

“Agad nag-anyaya”
Pagkatapos nating mapansin ang mga pangangailangan ng mga pinaglilingkuran natin, ang susunod na hakbang ay kumilos.

“Ang pakikinig sa mga salita ng mga propeta”
Dapat tayong “madalas na nagtitipun-tipon” (Moroni 6:5) upang sama-samang matuto, sama-samang lumago, at mag-usap-usap tungkol sa mga espirituwal na bagay na pinakamahalaga sa ating kaluluwa.
Ang “Halina, tinig ng propeta’y dinggin, salita ng Diyos ay pakinggan”[2] ay maaaring isa sa pinakamahahalagang paanyayang maipararating natin sa ating mga pinaglilingkuran.

“Pagmamahal at pakikipagkaibigan”
Para tunay na matulungan at maimpluwensyahan ang iba, kailangan tayong bumuo ng mga ugnayan nang may habag at “hindi pakunwaring pag-ibig” (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41).

Magbahagi sa Internet

"Ang mga social media channel ay kasangkapang magagamit ng buong mundo na personal at positibong makakaapekto sa maraming tao at pamilya. At naniniwala ako na dumating na ang panahon para sa atin bilang mga disipulo ni Cristo na gamitin ang mga inspiradong kasangkapang ito nang tama at mas epektibo upang patotohanan ang Diyos Amang Walang Hanggan, ang Kanyang plano ng kaligayahan para sa Kanyang mga anak, at ang Kanyang anak na si Jesucristo, bilang Tagapagligtas ng mundo." —Elder David A. Bednar[3]

Tinutulutan tayo ng internet na **ibahagi ang ebanghelyo** sa buong mundo. Gusto ko iyon! Nagbabahagi ako ng ilang aktibidad para sa pangkalahatang kumperensya, ngunit karaniwan ay sinisikap kong tulungan ang iba na **gumawa ng isang talakayan** mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Kadalasan ay maaaring makatulong na makita ang mga tanong ng iba para makita natin ang mga bagay-bagay sa isang bagong pananaw at makaisip tayo ng sarili nating magagandang tanong sa talakayan.

Natuklasan ko na kapag ikaw ay **gumagamit ng mga tanong** upang talakayin ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa mga pamilyang pinaglilingkuran mo, tinutulungan ka nitong makita ang kanilang mga kalakasan pati na ang kanilang mga pangangailangan. Ang isa sa mga paborito kong itanong ay, Ano sa palagay ninyo ang tema mula sa pinakahuling sesyon ng pangkalahatang kumperensya?

Ang sagot ay halos palaging nagpapakita sa iyo kung ano ang nangyayari sa kanilang buhay at kung ano ang mahalaga sa kanila. Tinutulutan ka nitong maging mas mahusay na ministering brother o sister dahil nakikita mo sila nang mas malinaw. ■

Camille Gillham, Colorado, USA

MGA TALA

1. Dallin H. Oaks, "Love and the Law" (video), mormonandgay.ChurchofJesusChrist.org.
2. "Halina, Tinig ng Propeta'y Dinggin," *Mga Himno,* blg. 14.
3. David A. Bednar, "Punuin ang Mundo sa Pamamagitan ng Social Media," *Liahona,* Ago. 2015, 50.
4. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 204.

MGA ALITUNTUNING DAPAT PAG-ISIPAN

"Ibahagi ang ebanghelyo"
Nakipagtipan tayong "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" (Mosias 18:9).

"Lumikha ng talakayan"
Ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring maghikayat ng mga pag-uusap na kamangha-mangha, nauugnay, at espirituwal. At ang ganitong mga klase ng talakayan ay maaaring magpatibay ng inyong mga ugnayan, magpalago sa inyong patotoo, at magpagalak sa inyo! (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 50:22).

"Gumamit ng mga tanong"
"Ang magagandang tanong ay tutulong sa iyo na maunawaan ang mga interes, alalahanin, o tanong ng iba. Mapapaganda nito ang iyong pagtuturo, maaanyayahan ang Espiritu, at matutulungan ang investigator na matuto."[4]

Ni Elder LeGrand R. Curtis Jr.
General Authority Seventy at Church Historian at Recorder

Ang Patuloy na PANUNU

Ang Panunumbalik ay nagsimula sa Sagradong Kakahuyan 200 taon na ang nakararaan—at maaari tayong parehong maging bahagi nito.

RESTORATION OF THE MELCHIZEDEK PRIESTHOOD (PANUNUMBALIK NG MELCHIZEDEK PRIESTHOOD), NI WALTER RANE

200 TAON NG LIWANAG
1820–2020

MBALIK

THE DESIRES OF MY HEART (FIRST VISION) (ANG MGA HANGARIN NG AKING PUSO (UNANG PANGITAIN)), NI WALTER RANE

Maganda at nakatutuwa ang panahong ito para mabuhay sa mundo. Mapalad tayong makalahok sa dakilang mga kaganapang nangyayari sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon, bilang paghahanda sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.[1] Hindi lamang natin namamasdan ang kahanga-hangang mga kaganapang ito kundi bahagi rin tayo ng mga ito.[2]

Binabanggit natin kung minsan ang Panunumbalik ng ebanghelyo na para bang bigla na lang itong nangyari. Dalawang daang taon na ang nakararaan, sinimulan ng Unang Pangitain ang proseso, ngunit, siyempre pa, hindi nagtapos doon ang Panunumbalik. Ang gawain ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph Smith at ng kanyang mga kasamahan ay nagpatuloy sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, pagpapanumbalik ng priesthood, pag-oorganisa ng Simbahan, pagsusugo ng mga missionary, pagtatayo ng mga templo, pag-organisa ng Relief Society, at marami pang iba. Ang mga kaganapan sa Panunumbalik ay nagsimula noong 1820 at nagpatuloy sa buong buhay ni Joseph Smith.

Nakatutuwa man ang mga bagay na inihayag ng Diyos sa pamamagitan ni Joseph Smith, hindi natapos ang Panunumbalik sa panahon ni Joseph. Sa pamamagitan ng mga propetang sumunod sa kanya natanggap natin ang mga bagay na tulad ng patuloy na pag-unlad ng gawain sa templo; karagdagang mga banal na kasulatan; pagsasalin ng banal na kasulatan sa maraming wika; pagdadala ng ebanghelyo sa buong mundo; pag-organisa ng Sunday School, Young Women, Primary, at mga priesthood quorum; at maraming pagbabago sa organisasyon at patakaran ng Simbahan.

"Saksi tayo sa isang proseso ng panunumbalik," sabi ni Pangulong Russell M. Nelson. "Kung inaakala ninyo na lubos nang naipanumbalik ang Simbahan, simula pa lang ang nakikita ninyo. Napakarami pang mangyayari. . . . Maghintay kayo hanggang sa isang taon. At pagkatapos ay sa susunod na taon. Uminom

Binigyan na tayo ng Diyos ng napakagandang pagkakataon na gumanap ng mahahalagang tungkulin sa gawaing ito.

Si Samuel Smith, isang naunang missionary habang nagbabahagi ng Aklat ni Mormon

kayo ng mga bitamina. Matulog kayo nang sapat. Magiging kapana-panabik ang hinaharap ng Simbahan."[3]

Tugma sa pahayag ni Pangulong Nelson na patuloy ang Panunumbalik, marami na tayong nasaksihang mahahalagang pagbabago sa Simbahan mula nang siya ang maging Pangulo nito. Kabilang doon ang pagsasaayos ng mga priesthood quorum, pagpalit ng ministering sa home at visiting teaching, at pagsisimula ng paraan ng pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan.[4] Marami nang pagbabagong nangyari mula noon, at marami pang mangyayari.

Isang Halimbawa sa West Africa

Ang aking patotoo tungkol sa patuloy na katangian ng Panunumbalik ay naapektuhan ng limang taon na ginugol ko sa paglilingkod sa Africa West Area Presidency. Noon pa mang binata ako, may patotoo na ako sa ebanghelyo. Pero nang tumira ako sa Africa, nakisama ako sa ilan sa mga unang West African na tumanggap sa ebanghelyo. Nakita ko rin ang mabilis na paglaganap ng Simbahan sa kontinenteng ito, na daan-daang ward at stake ang binubuo, umaapaw sa matatapat na miyembro ang mga templo at meetinghouse, at tinatanggap ng mabubuting kababaihan at kalalakihan, nang buong puso, ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Nakita ko mismo ang katuparan ng propesiya ni Joseph Smith na "pupunuin [ng Simbahan] ang buong mundo."[5]

Si Fred Antwi, isang pioneer na miyembro ng Simbahan sa Ghana

Tinulungan ako ng dalawang gayon katapat na miyembro, sina James Ewudzie at Frederick Antwi, isang araw sa Accra Ghana Temple. Ilang taon bago dumating ang mga Latter-day Saint missionary sa Ghana, naging bahagi si James ng isang grupo ng mga 1,000 katao na gumamit ng Aklat ni Mormon at iba pang mga materyal ng Simbahan sa mga miting nila sa simbahan. Ipinagdasal nila ang araw ng pagdating ng Simbahan sa Ghana. Sumama siya sa iba pang mga kabataang lalaki na lumilibot sa buong Ghana at nagtuturo ng ebanghelyo na matatagpuan sa ating mga materyal. Nang dumating ang mga missionary noong 1978, nabinyagan siya sa unang araw na nagsagawa ng mga pagbibinyag ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Ghana.

Noong bagong miyembro pa lang si Fred, dumalo siya sa burol ng isang kamag-anak na pinuno ng isang tribo. Doon niya nalaman na plano ng pamilya na siya ang gawing bagong pinuno. Batid na ang gayong posisyon ay magiging dahilan para gumawa siya ng mga bagay na salungat sa kanyang mga paniniwala sa ebanghelyo, mabilis siyang tumalilis pagkatapos ng libing at tinalikuran ang isang posisyon na magbibigay sana sa kanya ng katanyagan at kayamanan.

Nang ilaan ang Accra Temple, parehong naglakbay sina James at Fred nang mahigit apat na oras, papunta roon, linggu-linggo para magsilbi bilang mga temple worker. Nang magsagawa ako ng mga ordenansa na kasama sila, napuspos ako ng diwa ng kasaysayang nakapalibot sa akin. Natatanto ang kasaysayan ng Simbahan sa Africa na kinatawan nilang dalawa, pakiramdam ko parang kasama ko si John Taylor o si Wilford Woodruff o ang iba pang naunang mga miyembro ng Simbahan sa paggawa ng mga ordenansang iyon.

Ang nakita, naranasan, at nadama ko sa West Africa ay pagiging bahagi ng sinabi ng Panginoon kay Enoc na mangyayari: "At kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala sa lupa, upang magpatotoo sa aking Bugtong na Anak; . . . at kabutihan at katotohanan ay papapangyarihin kong umabot sa mundo gaya [ng] isang baha, upang tipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo" (Moises 7:62).

Nakita kong lumalaganap ang kabutihan at katotohanan sa buong kontinente ng Africa at tinitipon ang mga hinirang mula sa bahaging iyon ng mundo. Nadagdagan ang aking patotoo sa Panunumbalik dahil nakita ko mismong nangyayari ang mahalagang bahaging iyon ng Panunumbalik.

SAMUEL SMITH: THE FIRST MISSIONARY (SAMUEL SMITH: ANG UNANG MISSIONARY) NI SAM LAWLOR

May iba rin akong nakita tungkol sa patuloy na Panunumbalik: isang masiglang pananampalataya at espirituwal na lakas sa mga miyembro sa Africa. Narinig kong sinabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na, "Ang Kirtland [kung saan nanirahan ang mga Banal sa mga Huling Araw noong 1830s] ay hindi lamang nasa Ohio. Nasa Africa din iyon." Maraming taong sumasapi sa Simbahan sa Africa batay sa kanilang matinding personal na espirituwal na mga karanasan. Ang mga bagong miyembrong iyon ay naghahatid ng espirituwal na lakas at isang pangangailangan para sa dagdag na pagkatuto tungkol sa ebanghelyo. Para sa kanila patuloy ang Panunumbalik sa personal na kahulugan. Habang parami nang parami ang natututuhan nila tungkol sa Simbahan, patuloy na nalalahad sa kanilang paningin ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Totoo rin ito sa ating lahat habang patuloy na lumalawak ang ating kaalaman tungkol sa ebanghelyo.

para sa buhay na walang-hanggan, kundi tumutulong din tayong ihanda at palakasin ang tinatawag ng Panginoon na "aking mga pinagtipanang tao" (Doktrina at mga Tipan 42:36). Nakikipagtipan tayo sa Diyos at nagiging bahagi ng Kanyang pinagtipanang mga tao sa pamamagitan ng binyag, kumpirmasyon,

Mga kabataang nakalinya para makapasok sa Accra Ghana Temple

Tatlong Paraan para Makatulong sa Patuloy na Panunumbalik

Binigyan na tayo ng Diyos ng napakagandang pagkakataon na gumanap ng mahahalagang tungkulin sa gawaing ito. Sinabi ng Panginoon na ang "katawan [ng Simbahan] ay kailangan ang bawat bahagi" (Doktrina at mga Tipan 84:110). Lahat ng miyembro ng Simbahan ay mapalad na makalahok sa patuloy na Panunumbalik na ito. Paano natin gagawin iyan?

Ang isang paraan na nakikilahok tayo ay sa paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan. Ang mga ordenansa, kabilang na ang mga ordenansa sa templo, ay walang layunin maliban kung talagang gumagawa at tumutupad ang mga tao ng mga tipang nauugnay sa mga ordenansang iyon. Itinuro ni Sister Bonnie Parkin, dating Relief Society General President, "Ang pakikipagtipan ay ang pagpapakita ng pusong handang sumunod; [ang] pagtupad ng mga tipan [ay] pagpapakita ng matapat na puso."[6]

Sa paggawa at pagtupad ng mga Tipan, hindi lamang natin inihahanda ang ating sarili sakramento, Melchizedek Priesthood, at mga ordenansa sa templo.

Ang ikalawang paraan na makalalahok tayo sa patuloy na Panunumbalik ay sa pagganap sa mga tungkulin at gawaing natatanggap natin. Ganyan ang pagsulong ng Simbahan. Itinuturo ng debotong mga guro ang ebanghelyo sa mga bata, kabataan, at matatanda. Ang mga kapatid na nagmi-minister ay pinangangalagaan ang bawat miyembro ng Simbahan. Ang mga presidency at bishopric ay nagbibigay ng patnubay sa mga stake, district, ward, branch, korum, organisasyon, klase, at grupo. Pinangangalagaan ng mga lider ng mga kabataan ang mga kabataang babae at kabataang lalaki. Ang mga clerk at secretary ay nagtatala ng mahahalagang impormasyon na pagkatapos ay itinatala sa langit, at maraming iba pa ang gumaganap sa mahahalagang tungkulin upang ihanda ang mga tao para sa buhay na walang-hanggan at sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Ang ikatlong paraan na makalalahok tayo sa Panunumbalik ay sa pagtulong na tipunin

Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, may oportunidad at tungkulin tayong tumulong sa pagtitipong nangyayari sa magkabilang panig ng tabing.

ang Israel. Mula pa sa mga unang araw ng Panunumbalik, mahalagang bahagi na ito ng gawain. Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, may oportunidad at tungkulin tayong tumulong sa pagtitipong nangyayari sa magkabilang panig ng tabing. Sa kanyang pangwakas na mensahe sa kanyang unang pangkalahatang kumperensya bilang Pangulo ng Simbahan, sinabi ni Pangulong Nelson, "Ang ating mensahe sa mundo ay simple at taos-puso: inaanyayahan natin ang lahat ng anak ng Diyos sa magkabilang panig ng tabing na lumapit sa kanilang Tagapagligtas, tanggapin ang mga pagpapala ng banal na templo, magkaroon ng walang-hanggang kagalakan, at maging karapat-dapat sa buhay na walang-hanggan."[7]

Ang ibig sabihin ng pagtitipon ng Israel sa panig na ito ng tabing ay gawaing misyonero. Lahat tayo na maaaring maglingkod sa full-time mission ay dapat pag-isipang mabuti ang oportunidad na iyon. Itinuturing kong isang malaking pagpapala na nakapagmisyon ako sa Italy sa isang panahon na bagung-bago pa ang Simbahan doon. Nagpulong ang aming mga branch sa inupahang mga bulwagan, at inasam namin na balang-araw ay magkaroon ng mga stake at ward doon. Minasdan ko ang matatapang na pioneer na sumapi sa Simbahan at inihanda ang lugar para sa pagtitipon ng Israel sa dakilang lupaing iyon.

Sa binyag ni Agnese Galdiolo

Isa sa kanila si Agnese Galdiolo. Matindi naming nadamang lahat ang Espiritu nang turuan siya ng mga missionary lesson. Ngunit, kahit nadama ang Espiritung iyon, alam niya na matinding tututol ang kanyang pamilya na mabinyagan siya. Gayunman, dumating ang oras na, puspos ng Espiritu, pumayag siyang magpabinyag. Ngunit nagbago ang isip niya noong umaga na nakatakda siyang binyagan. Maaga siyang dumating sa inupahang bulwagan kung saan siya bibinyagan para sabihin sa amin na dahil sa takot sa pamilya, hindi niya puwedeng gawin iyon.

Bago umalis, pumayag siyang makausap namin nang ilang minuto. Pumasok kami sa isang silid kung saan iminungkahi namin na sama-sama kaming manalangin. Nang nakaluhod na kami, hiniling namin na siya ang manalangin. Pagkatapos ng panalangin luhaan siyang tumayo at nagsabing, "Sige, magpapabinyag ako." At pagkaraan ng ilang minuto'y nabinyagan na siya. Nang sumunod na taon ikinasal siya kay Sebastiano Caruso, at nagkaroon sila ng apat na anak, na nagmisyon lahat at patuloy na naglingkod sa Simbahan mula noon.

Sina Elder at Sister Curtis kasama ang ilang miyembro ng pamilya Caruso

Nagmisyon din sina Agnese at Sebastiano, nang maging mission president si Sebastiano. Nang maglingkod ako sa pangalawang misyon sa Italy, 25 taon pagkaraan ng una, nakita ko ang nagawa ng mga Caruso at ng iba pang mga pioneer para palawakin ang kaharian ng Diyos doon. Sinikap namin ng mga missionary ko na maitatag ang Simbahan, na nangangarap na balang-araw ay makapagtatayo ng templo sa Italy. Isipin ninyo ang kagalakan ko sa katotohanan na mayroon na tayo ngayong Rome Italy Temple.

May ilang kagalakan na maihahambing sa kagalakan ng missionary. Kaylaking pagpapala ang maisilang sa isang panahon na masaya tayong makalalahok sa patuloy na Panunumbalik sa pagtulong na tipunin ang Israel!

Ang kagalakan ng missionary, siyempre pa, ay hindi lamang mga full-time missionary ang nakadarama. Bawat isa sa atin ay maaaring tumulong sa pagbabalik-loob o pagbalik sa pagiging aktibo ng ating mga kapatid sa pakikipagtulungan sa

Eliza R. Snow, lider ng Relief Society noon

mga full-time missionary. May pagkakataon tayong tipunin ang Israel sa pag-anyaya sa iba na magsiparito at nang makita nila at sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan sa mga tinuturuan.

Sa gawain sa templo at family history tayo nakakatulong na matipon ang Israel sa kabilang panig ng tabing. Maraming taon nang sagradong responsibilidad natin na gawin ang gawaing ito. Bago namatay si Joseph Smith, nagsagawa ng mga pagbibinyag ang mga Banal para sa mga patay, at natanggap ng ilan ang kanilang endowment at pagbubuklod. Nang matapos ang Nauvoo Temple, seryosong nagsimula ang mga endowment para sa mga buhay. Nagsimula rin ang mga endowment at pagbubuklod para sa mga ninuno sa mga templo sa Utah.

Naunawaan ni Eliza R. Snow, isang mahalagang kalahok sa prosesong iyan ng panunumbalik, ang kahalagahan ng bahaging iyon ng Panunumbalik. Nag-ukol siya ng maraming oras sa endowment house, sa pagtulong sa mga ordenansa roon.[8] Sa isang pagbisita ng Relief Society noong 1869, itinuro niya sa kanyang mga kapatid, "Matagal ko nang pinagninilayan ang dakilang gawaing kailangan nating gawin, maging sa pagtulong sa kaligtasan ng mga buhay at patay. Gusto nating maging . . . akmang mga kasama ng Diyos at ng mga Banal."[9]

At, siyempre pa, ang pagkakaroon ng mga ordenansa sa templo ay mabilis na dumami sa pagtatayo ng maraming templo sa buong mundo, at marami pang itatayo.

Sa mga kasangkapang ginagamit natin ngayon, ang gawain sa templo at family history ay maaaring maging regular na bahagi ng ating pakikilahok sa patuloy na Panunumbalik. Maraming taon na akong interesado at nakikibahagi sa gawain sa family history, ngunit lubhang nakatulong ang online tools sa aking tagumpay sa pagdadala ng mga pangalan ng aming pamilya sa templo. Mayroon akong mga sagradong alaala ng pag-upo sa mesa sa apartment namin sa Ghana at paghahanap ng mga pangalan ng aking mga ninunong Europeo na madadala naming mag-asawa sa Accra Ghana Temple. Nadama rin namin ang masayang oportunidad na iyon sa iba pang mga lugar kung saan kami pinapunta.

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, sinimulan ng Diyos ang prosesong "maisakatuparan ang pagpapanumbalik ng lahat ng bagay na winika ng bibig ng lahat ng banal na propeta mula pa sa simula ng daigdig" (Doktrina at mga Tipan 27:6). Ang Panunumbalik na iyon ay nagpapatuloy hanggang sa ngayon dahil ang Diyos ay "ipinahahayag ngayon" at "maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9). Lubos akong nagpapasalamat na nakakalahok tayo sa patuloy na Panunumbalik na ito. ■

"Kung inaakaka ninyo na lubos nang naipanumbalik ang Simbahan, simula pa lang ang nakikita ninyo. Napakarami pang mangyayari."
—Pangulong Nelson

Sa gawain sa templo at family history tayo nakakatulong na matipon ang Israel sa kabilang panig ng tabing.

MGA TALA

1. Tingnan sa Mga Taga Efeso 1:10; Doktrina at mga Tipan 27:13.
2. Tingnan sa Daniel 2:35–45; Doktrina at mga Tipan 65.
3. Russell M. Nelson, sa "Latter-day Saint Prophet, Wife and Apostle Share Insights of Global Ministry," Okt. 30, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
4. Tingnan sa "Inspiradong Pamamahala," *Liahona,* Mayo 2019, 121.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 160.
6. Bonnie D. Parkin, "Nang May Kabanalan ng Puso," *Liahona,* Nob. 2002, 103.
7. Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118–19. Inuulit ang ideyang iyan, sinabi ni Pangulong Nelson sa pangkalahatang kumperensya pagkaraan ng isang taon: "Nawa'y ilaan at muli nating ilaan ang ating buhay sa paglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak—sa magkabilang panig ng tabing" ("Pangwakas na Mensahe," *Liahona,* Mayo 2019, 112).
8. Ang endowment house ay itinayo sa Temple Square habang itinatayo ang Salt Lake Temple. Inilaan noong 1855, ang endowment house ay ginamit para sa mga ordenansa sa templo hanggang 1889.
9. Eliza R. Snow, mensahe sa Lehi Ward Relief Society, Okt. 27, 1869, Relief Society Minute Book, 1868–79, Church History Library, 26–27.

NAGKAROON SILA NG PAG-ASA NA PAPARITO SI CRISTO—AT MAGAGAWA RIN NATIN IYAN

Nagkaroon ng pag-asa ang mga propeta sa Aklat ni Mormon na paparito si Cristo. Sa pagbabasa sa kanilang mga salita, maaari tayong magkaroon ng pag-asa ring iyon para sa muli Niyang pagparito.

Ni Mindy Selu
Mga Magasin ng Simbahan

Anong mga salita ang pumapasok sa isip ninyo kapag iniisip ninyo ang Aklat ni Mormon?

Mga Nephita, Lamanita, iba pang mga -ita?

Digmaan, ilang, sa aba?

Pagsisisi, pagtubos, kabutihan?

Jesucristo?

Pag-asa?

Pasko ng Pagkabuhay ang perpektong sandali para muling pagnilayan ang mensahe ng Aklat ni Mormon. Higit sa lahat, ang mensahe na si Jesus ang Cristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Dahil sa Kanya, sa huli ay makakalaya tayo mula sa mga pasakit ng katawan at kaluluwa. Mula sa kamatayan at kasalanan. Madaraig natin ang bawat masamang bagay na ibinabato sa atin ng mundo.

Sa madaling salita, maaari tayong magkaroon ng pag-asa.

Pag-asa—tunay na pag-asa, na nakasentro kay Jesucristo—ang naghikayat sa mga sinaunang propeta na magtago ng mga talaan sa mga laminang ginto na siyang magiging Aklat ni Mormon. Sabi sa atin ni Jacob, "Sapagkat, sa layuning ito kaya isinulat namin ang mga bagay na ito, upang kanilang malaman na alam namin ang tungkol kay Cristo, at *nagkaroon kami ng pag-asa sa kanyang kaluwalhatian* maraming daang taon bago pa ang kanyang pagparito" (Jacob 4:4; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Gusto ni Jacob na malaman natin na alam niya—at ng iba pang mga propetang nagtago ng talaan—na paparito si Cristo. Daan-daang taon bago pa Siya pumarito! At nahikayat silang magkaroon ng pag-asang iyon sa mga salita ng mga propeta na *kanilang* nabasa. Ipinaliwanag ni Jacob, "at hindi lamang kami ang nagkaroon ng pag-asa sa aming sarili sa kanyang kaluwalhatian, kundi maging ang lahat ng banal na propetang nauna sa amin.

"Masdan, sila ay naniwala kay Cristo at sinamba ang Ama sa kanyang pangalan, at amin ding sinasamba ang Ama sa kanyang pangalan. . . .

"Anupa't aming sinasaliksik ang mga propeta, at marami kaming mga paghahayag at diwa ng propesiya; at taglay ang lahat ng patotoong ito kami ay nagtamo ng pag-asa, at ang aming pananampalataya ay naging matatag" (Jacob 4:4–6; tingnan din sa 1 Nephi 19:21; Jacob 7:11; Mosias 3:13; Helaman 8:16).

Ang pag-asang natamo nila mula kapwa sa kanilang sariling mga karanasan at sa mga propesiyang nabasa nila sa mga banal na kasulatan ay inihanda sila para sa araw na paparito si Cristo. Gayundin, hinihikayat tayo ng mga propeta ngayon na maghanda para sa muling pagparito ni Cristo. Para magkaroon din tayo ng gayong pag-asa, kailangan din nating "[saliksikin] ang mga propeta, at [hangaring magkaroon ng maraming] paghahayag at diwa ng propesiya." Ang kanilang patotoo tungkol kay Jesucristo ay hindi lamang magpapalakas sa ating patotoo kundi tutulungan din tayong maghanda para sa Kanyang pagparito.

ANG PAGBISITA, NI JORGE COCCO SANTANGELO

Lehi

"Kaya nga, anong laking kahalagahan na ang mga bagay na ito ay ipaalam sa mga naninirahan sa mundo, upang kanilang malaman na walang laman ang makapananahanan sa kinaroroonan ng Diyos, maliban sa pamamagitan ng kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas, na nag-alay ng kanyang buhay ayon sa laman, at binawi itong muli sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, upang kanyang mapapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, siya bilang unang magbabangon."
2 Nephi 2:8

Nephi

"At nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan."
2 Nephi 25:26

Alma

"At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

"At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan."

Alma 7:11–12

Amulek

"At yaong dakila at huling hain ay ang Anak ng Diyos, oo, walang katapusan at walang hanggan.

"At sa gayon siya magdadala ng kaligtasan sa lahat ng yaong maniniwala sa kanyang pangalan, ito ang layunin ng huling haing ito, upang madala ang mga sisidlan ng awa, na nangingibabaw sa katarungan, at nagbibigay ng daan sa mga tao upang sila ay magkaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi.

"At sa gayon mabibigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan, at yayakapin sila ng mga bisig ng kaligtasan, samantalang siya na hindi magkakaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi ay nakalantad sa buong batas na hinihingi ng katarungan; anupa't siya lamang na may pananampalataya tungo sa pagsisisi ang madadala sa dakila at walang hanggang plano ng pagtubos."

Alma 34:14–16

Samuel, ang Lamanita

"Sapagkat masdan, siya ay talagang tiyak na mamamatay upang ang kaligtasan ay dumating; oo, kinakailangan at mahalaga na siya ay mamatay, upang mapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, nang sa gayon, ang tao ay madala niya sa harapan ng Panginoon.

"Oo, masdan, ang kamatayang ito ang magpapangyari sa pagkabuhay na mag-uli, at tumutubos sa buong sangkatauhan mula sa unang kamatayan—yaong kamatayang espirituwal; dahil ang buong sangkatauhan, sa pagkahulog ni Adan na nawalay sa harapan ng Panginoon, ay itinuturing na patay, kapwa sa mga bagay na temporal at sa mga bagay na espirituwal.

"Ngunit masdan, ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo ang tutubos sa sangkatauhan, oo, maging sa buong sangkatauhan, at magbabalik sa kanila sa harapan ng Panginoon."

Helaman 14:15–17

GETSEMANI, PAGBABASBAS SA MGA BATA, AT HUWAG MO AKONG HAWAKAN, NI JORGE COCCO SANTANGELO

Haring Benjamin

"At siya ay tatawaging Jesucristo, ang Anak ng Diyos. . . .

"At masdan, siya ay paparito sa kanyang kalahi, upang ang kaligtasan ay mapasa mga anak ng tao, maging sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan; . . .

"At siya ay babangon sa ikatlong araw mula sa patay. . . .

"Sapagkat masdan, at gayundin ang kanyang dugo ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng mga yaong nahulog dahil sa pagkakasala ni Adan, na nangamatay na hindi nalalaman ang kalooban ng Diyos hinggil sa kanila, o kung sino ay walang malay na nagkasala."

Mosias 3:8–11

Mormon

"Alamin ninyo na kinakailangan kayong magkaroon ng kaalaman tungkol sa inyong mga ama, at magsisi ng lahat ng inyong mga kasalanan at kasamaan, at maniwala kay Jesucristo, na siya ang Anak ng Diyos, at na siya ay pinatay ng mga Judio, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ama, siya ay bumangong muli kung saan ay natamo niya ang tagumpay laban sa libingan; at sa kanya rin ang tibo ng kamatayan ay nalulon.

At kanyang pinapangyari ang pagkabuhay na muli ng mga patay, kung saan ang mga tao ay kinakailangang magbangon upang tumayo sa harapan ng kanyang hukumang-luklukan.

At kanyang pinapangyari ang katubusan ng sanlibutan, kung saan siya na matatagpuang walang kasalanan sa harapan niya sa araw ng paghuhukom ay maibigay sa kanya na makapanahanan sa kinaroroonan ng Diyos sa kanyang kaharian, upang umawit nang walang humpay na papuri kasama ng mga koro sa kaitaasan, sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, na isang Diyos, sa maligayang kalagayan na walang katapusan."

Mormon 7:5–7 ■

Ano ang Kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay para sa Akin?

Sa Pasko ng Pagkabuhay, ipinagdiriwang natin "ang pinakamahalagang araw sa kasaysayan"[1]—ang Pagkabuhay na Mag-uli ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ang kaganapang ito ang pinakamahalaga sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit.

Sa premortal na buhay, pinili si Jesucristo na maging ating Tagapagligtas. Nangako Siyang maglalaan ng paraan para mapatawad tayo sa ating mga kasalanan at makabalik sa ating tahanan sa langit.

Sa umaga ng unang Paskong iyon ng Pagkabuhay, tinupad ni Jesus ang Kanyang pangako. Dinaig niya ang kamatayan. Bilang bunga, "Siya ang ilaw at ang buhay ng daigdig; oo, isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim; oo, at isang buhay rin na walang hanggan, na hindi na maaaring magkaroon pa ng kamatayan" (Mosias 16:9).

Anong mga pagpapala ang idinudulot sa iyo ng Pagkabuhay na Mag-uli?

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Narito, ang Tao!" *Liahona,* Mayo 2018, 108.
2. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.

Pagsisisi

Ang tanong ng Tagapagligtas sa bawat isa sa atin, "Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik sa akin, at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?" Ipinangako Niya, "Kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko" (3 Nephi 9:13–14). Ano ang nadarama mo kapag nagsisisi ka?

LARAWAN NG MGA LILY MULA SA GETTY IMAGES

Pagkabuhay na Mag-uli

Hindi maiiwasan ang kamatayan, ngunit ang tagumpay ng Tagapagligtas laban sa kamatayan ay tinitiyak na lahat ay mabubuhay na mag-uli—minsan pang magsasama ang katawan at espiritu sa ganap na anyo (tingnan sa Alma 11:43). Paano ka binibigyan ng pag-asa ng kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli?

Buhay na Walang-Hanggan

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay ginagawang posible ang buhay na walang-hanggan, o kadakilaan. Para matanggap ang pagpapalang ito, kailangan nating sundin ang mga kautusan. Tinawag na ni Pangulong Russell M. Nelson ang landas tungo sa buhay na walang-hanggan na "landas ng tipan."[2] Ano ang kailangan nating gawin para matahak ang landas na ito tungo sa buhay na walang-hanggan?

ANG MABUTING PASTOL, MAPANGLAW NA ARAW SA GOLGOTA AT BAWAT TUHOD AY LULUHOD, NI J. KIRK RICHARDS

LIBINGANG WALANG LAMAN SA HALAMANAN, NI STEVE HART

LINGGO
1–2

ABRIL 13–19

Mosias 1–3

Bakit Tayo Inaanyayahan ni Haring Benjamin na Maging Tulad ng Isang Bata?



Ang maging katulad ng isang batang musmos ay nagtutulot sa atin na mas mapalapit kay Jesucristo at madama ang kagalakan ng pagiging mga Banal sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Nadama mo na bang lumambot ang puso mo nang mamasdan mo ang isang bata? Ang mga bata ay madalas magsalita nang taos-puso at magpahayag ng pagmamahal at mga simpleng pananalita ng pananampalataya. Itinuro ng Tagapagligtas, "Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit" (Mateo 18:34).

Maaaring isang dahilan ito kaya hiniling ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao na hubarin ang likas na tao at maging tulad ng mga bata (tingnan sa Mosias 3:19).

Paano tayo nagiging tulad ng mga bata? Sumangguni sa Mosias 3:19 para mapunan ang mga patlang ng mga salitang ginamit ni Haring Benjamin para ilarawan ang isang taong tulad ng isang bata.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____

6. _____

TALAKAYAN

Maghanap ng mga katangiang tulad ng isang bata sa paborito mong mga bayani sa Aklat ni Mormon. Paano mo matutularan ang kanilang halimbawa?

LINGGO 3

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH
IN THE SERVICE OF YOUR GOD [NASA PAGLILINGKOD NG INYONG DIYOS], NI WALTER RANE

ABRIL 20–26

Mosias 4–6

Ano ang Kahulugan ng Panatilihing Nakasulat sa Ating Puso ang Pangalan ni Cristo?

Sa Aklat ni Mormon, maraming itinatawag sa mga tao—ilan lamang dito ang mga Nephita, Lamanita, at Anti-Nephi-Lehi. Ngunit hinangad ni Haring Benjamin na tawagin ang kanyang mga tao sa mas mataas at mas banal na pangalan—ang pangalan ni Jesucristo.

Narito ang paraan para mapanatili natin ang pangalan ng Tagapagligtas na "laging nakasulat sa [ating] puso" (Mosias 5:12):

TALAKAYAN

Ano ang ginagawa mo bawat araw upang matiyak na napapanatili mong nakasulat ang pangalan ni Cristo sa puso mo?

TIPAN SA PAMAMAGITAN NG BINYAG

Sa binyag, nakikipagtipan tayo sa Diyos na tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo. Ano sa palagay mo ang kahulugan nito? (Tingnan sa Mosias 18:8–9.)

TUMANGGAP NG SAKRAMENTO

Inuutusan tayong marapat na tumanggap ng sakramento bawat linggo. Sa oras ng sakramento, muli tayong nakikipagtipan na taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo (tingnan sa Moroni 4:3).

KUMILOS BILANG DISIPULO NI JESUCRISTO

Hinihiling sa atin ng ating mga tipan na sundin ang mga kautusan. Dapat makita sa ating kilos ang hangarin nating sundan si Cristo at maging katulad Niya. Sa paggawa nito, maaari tayong patuloy na tawagin sa Kanyang pangalan. Ito ang paraan para *mapanatili* nating nakasulat sa ating puso ang pangalan ni Cristo (tingnan sa Mosias 5:12).

LINGGO 4

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Isang Basbas Lamang ang Maibibigay Ko

Nakatapos ako sa law school noong mag-iisang taon na ang anak ko. Inasam naming mag-asawa na ipagdiwang ang graduation ko, ang kaarawan ng aming anak, at ang mga bagong oportunidad na darating sa amin, ngunit hindi umayon sa plano ang lahat.

Wala akong trabaho nang makatapos ako sa aking degree at nahirapan akong makahanap ng trabaho. Hindi nagtagal, dumating ang mga problemang pinansyal. Mahihirapan kaming magdaos ng kahit isang simpleng pagdiriwang ng kaarawan.

Pagkatapos naming mag-usap ng asawa ko nang maraming beses, tinanggap namin ang aming sitwasyon. Hindi naging madali para sa akin bilang isang ama na mawalan ng kakayahang bumili ng kahit isang simpleng regalo para sa aking anak at makitang bigo ang pakiramdam ng pinakamamahal kong asawa.

Hindi ko naunawaan kung ano ang nangyayari. Nagdasal ako at hiniling ko sa Ama sa Langit na tulungan akong maunawaan kung ano ang inaasahan Niya sa akin. Biglang parang may tinig na nangusap sa aking isipan, narinig ko ang mga salitang: "Mayroon kang isang bagay na mas mahalaga kaysa anumang materyal na pag-aari sa mundong ito. Mayroon kang priesthood. Ano pa ang maireregalo mo sa iyong anak na mas maganda kaysa sa basbas ng priesthood?"

Napaluha ako nang pag-isipan ko kung ano ang kahulugan ng priesthood sa akin. Napuspos ng pasasalamat ang puso ko nang maisip ko na ang priesthood ay ang kapangyarihan na maaaring pag-isahin ang aking pamilya sa buong kawalang-hanggan.

Ibinahagi ko ang aking damdamin sa asawa ko. Sinabi ko sa kanya na isang basbas lamang ang maibibigay ko sa aming anak. Pareho naming ipinasiya na magdudulot ito ng kaligayahan at kapayapaan sa kanya, at na magiging sapat na iyon.

Pagsapit ng kaarawan ng aming anak, nagdala ng cake at mga simpleng dekorasyon ang mga kaibigan, kamag-anak, at kapitbahay. Nagpasalamat kaming maipagdiwang ang espesyal na araw na ito sa piling ng aming mga mahal sa buhay. Nang gabing iyon, ipinatong ko ang aking mga kamay sa ulo ng aking anak at binigyan siya ng basbas. Binasbasan ko siya sa lahat ng ipinahiwatig sa akin ng Espiritu ng Panginoon na sabihin.

Dumaranas pa rin kami ng panahon ng mga pagbabago at hamon sa kawalan ng trabaho at kabuhayan. Ngunit kahit sa gitna ng kalungkutan at kabiguan, dumarating sa amin ang kapayapaan at kapanatagan sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Wala akong duda na isang pagpapala ang maging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na may access sa kapangyarihan ng priesthood. Iyon lamang ang maibibigay ko sa kaarawan ng aking anak, at labis-labis na iyon. ■

Jonathan Mafra Sena de Santana, Santa Catarina, Brazil

Biglang parang may tinig na nangusap sa aking isipan, narinig ko: "Mayroon kang isang bagay na mas mahalaga kaysa anumang materyal na pag-aari sa mundong ito."

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Ipinaalala sa Akin ng Isang Maliit na Ibon

Ako ay 26 anyos nang mamatay ang panganay na anak naming mag-asawa. Si Kennedy ay natuklasang may tumor sa utak noong siya ay 13 buwan pa lamang. Pagkatapos ng tatlong operasyon, limang chemotherapy, at maraming gamot at panggagamot, pumanaw siya sa aming mga bisig sa gulang na 20 buwan.

Nalungkot ako nang husto nang mawala ang aking maganda, mausisa, at masiglang musmos na anak. Paano ito nangyari? Paano ako patuloy na mabubuhay? Napakarami kong tanong, ngunit wala akong anumang maisagot. Dalawang araw pagkatapos ng libing, binisita naming mag-asawa ang puntod, na puno pa rin ng magagandang bulaklak na kulay rosas at mga laso mula sa lamay.

Habang iniisip ko ang aking anak, nakita ko ang isang munting inakay, na napakabata pa para lumipad, na palundag-lundag sa damuhan. Ipinaalala sa akin ng ibong ito si Kennedy dahil mahilig siya sa mga hayop. Lumundag ang ibon sa ibabaw ng libingan at nilaro ang mga laso at bulaklak. Napangiti ako, batid na ito mismo ang gugustuhin ni Kennedy. Pagkatapos ay lumundag ang ibon patungo sa akin. Hindi ako nangahas na gumalaw. Lumundag ang munting ibon sa tabi ko mismo, humilig sa aking binti, pumikit, at nakatulog.

Halos hindi ko maipaliwanag ang nadama ko sa sandaling iyon. Nadama ko na parang niyayakap ako ng aking si Kennedy. Hindi ko mayakap ang aking anak, ngunit lumapit ang munting ibong ito—isang nilikha ng ating Ama sa Langit—at inihilig sa akin ang munting ulo nito, na nagpapaalala sa akin na naunawaan ng Ama sa Langit ang sakit na aking nararamdaman at lalagi Siyang nariyan upang panatagin at tulungan akong malagpasan ang pagsubok na ito.

Habang iniisip ko ang aking anak, nakita kong lumundag ang isang munting inakay, na napakabata pa para lumipad, patungo sa akin.

Sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kapag hindi mailarawan sa salita ang kapanatagang kailangan natin . . . , kapag hindi kayang unawain ng pangangatwiran ang mga kawalang-katarungan at di-pagkakapantay sa buhay, . . . at kapag parang nag-iisa na lang tayo, tunay na pagpapalain tayo ng magiliw na awa ng Panginoon" ("Ang Magiliw na Awa ng Panginoon," *Liahona,* Mayo 2005, 100).

Hindi ko pa rin alam ang lahat ng sagot sa mga tanong ko, ngunit tiniyak sa akin ng magiliw na awang ito na kami ni Kennedy ay kapwa minamahal ng ating Ama sa Langit at na sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Kanyang anak na si Jesucristo, umaasa ako na muli naming makakasamang mag-asawa si Kennedy balang-araw bilang isang pamilya. ■

Laura Linton, Utah, USA

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

Mas Mahalaga Kaysa sa Isang Pulseras na Pilak

Isang umaga, natanto ko na nawawala ang pulseras kong pilak. Lungkot na lungkot ako dahil mahalaga ang pulseras na ito sa akin.

Nang hilingan akong mamuno sa isang talakayan sa Relief Society tungkol sa paanyaya ng Tagapagligtas na pakainin ang Kanyang mga tupa, nagpasiya ako na kung gusto kong maganyak ang kababaihan, dapat akong gumawa ng isang bagay para sa isa sa Kanyang mga tupa.

Naglakas-loob ako at inanyayahan ko ang isang di-gaanong aktibong sister na sumama sa akin sa isang aktibidad ng Relief Society. Tinanggap niya ang paanyaya ko at naging masaya kami. Nadama ko na isa itong magandang halimbawa, at sabik akong ibahagi ang aking karanasan. Ngunit may iba pang gustong ituro sa akin ang Panginoon.

Isang umaga habang nagbibihis, natanto ko na nawawala ang pulseras kong pilak. Ang pulseras na ito ay regalo sa akin noong kaarawan ko nang bumisita ako sa France, kaya may espesyal na kahulugan iyon sa akin. Sinimulan kong hanapin iyon sa mga lugar na malamang na napaglagyan ko, pero hindi ko iyon makita. Sa gayo'y sinabi ko sa sarili ko na kung magdarasal lang ako, makikita ko kaagad ang pulseras ko.

Pagkatapos kong magdasal, naghanap ako sa buong paligid. Dalawang araw akong nagdasal nang taimtim at naghanap nang husto. Nagsumamo ako sa Ama sa Langit na tulungan akong makita iyon, ngunit hindi ko pa rin iyon makita. Lungkot na lungkot ako dahil mahalaga ang pulseras na ito sa akin.

Isang gabi kasama kong nagdasal ang anak ko sa tabi ng kama ko. Pagkatapos naming magdasal, may dinampot siya at iniabot iyon sa akin. Ang pulseras ko iyon! Nakita niya iyon sa ilalim ng kama. Kahit paano hindi ko iyon nakita nang maghanap ako. Napaiyak ako sa tuwa na nabalik iyon sa akin.

Biglang may impresyong dumating sa akin: "Nagdarasal ka ba nang ganito kataimtim para sa mga sister mo sa Simbahan? Mahalaga ba sila sa iyo na katulad ng pulseras mo? E, ang mga kapatid mo sa labas ng Simbahan? Ipinagdarasal mo rin ba sila?"

Nang ibahagi ko sa Relief Society ang aking karanasan tungkol sa nawawala kong pulseras, naging maganda ang talakayan namin. Sinabi ko sa mga sister na natutuhan ko na kapag hinihiling sa atin ng Tagapagligtas na pakainin ang Kanyang mga tupa, kailangan nating tandaan na "ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 18:10). Nais Niyang alalahanin natin ang mga nasa paligid natin at mahalin, alagaan, at ipagdasal sila nang buong lakas natin. Kapag ginawa natin ito, makikita natin na lahat ng tao ay mas mahalaga kaysa sa isang pulseras na pilak. ■

Sylvie Houmeau, Quebec, Canada

PAGLALARAWAN NI EMILY LUI

“Nakita Ninyo Kung Ano ang Magagawa ng Kaunting Pananampalataya?”

Nagmamadali kaming bumaba ng daanan habang papalapit sa amin ang bagyo. “Magdasal tayo,” sabi ng bunso namin.

Ilang taon na ang nakararaan, dinala naming mag-asawa ang dalawang bunsong anak naming lalaki sa France para libutin ang mga lugar na pinaglingkuran ko bilang full-time missionary. Bumisita kami sa mga branch ng Simbahan na pinaglingkuran ko at nagalak sa piling ng mga miyembrong naturuan ko. Bumisita rin kami sa mga makasaysayang lugar.

Ang isang lugar ay ang mga labi ng Château de Châlucet. Ang napakalaking kastilyong medieval na ito ay nilusob at winasak maraming siglo na ang nakararaan. Lumago na ang mga halaman sa buong paligid ng mga labi, at makitid at matarik ang daan papunta roon. Nahirapan kaming akyatin iyon, ngunit sulit ang hirap nang makaakyat kami.

Nagustuhan ng mga bata ang pagbaba sa dating bartolina sa ilalim ng lupa at sa itaas ng natirang kaunting pader ng kastilyo. Naakit ng kastilyo ang kanilang imahinasyon tulad noong maakit ako nito 24 na taon na ang nakararaan.

Habang naroon kami, lumitaw ang isang unos sa tag-araw sa di-kalayuan. Mabilis itong nakalapit. Napuno ng maiitim na ulap at kidlat ang papawirin, na sinundan ng malalakas na pagkulog.

Nagmamadali kaming bumaba ng daanan at tumakbo papunta sa kotse habang papalapit sa amin ang bagyo. Hindi nagtagal, nabasa kami ng malakas at bumabayong ulan at naging maputik ang maalikabok na daanan. Nag-alala kami na baka madulas kami at mahulog pababa sa matarik at mabatong daanan.

Nakakita kami ng ilang kanlungan sa kakahuyan sa gilid ng landas. Nagsiksikan kami sa ilalim ng kanlungan at inisip namin kung gaano katagal kami maghihintay para makababang muli.

“Magdasal tayo,” sabi ng bunso namin.

Hiniling niya na siya ang magdasal at ipinagdasal niya na tumigil na ang ulan para ligtas kaming makababa sa burol. Tiningnan niya kami at sinabing, “Ang kailangan lang natin ngayon ay sapat na pananampalataya.”

Ipinaliwanag ko na hindi palaging ganoon ang sagot sa mga dalangin.”

“Hindi po,” sabi niya, “titigil po ito sa loob ng 10 minuto!”

Pagkaraan ng mga 10 minuto, tumigil ang ulan.

“OK, tayo na!” sabi niya.

“Kung aalis tayo ngayon, uulan ulit at makukulong tayo,” sabi ng nakatatandang anak namin.

“Hindi!” sagot ng aming bunso. “Tara na!”

Nakarating kami sa mas tuyong mga bahagi ng landas, na iwinawaksi ang mga palumpong at sanga habang daan. Pagdating sa kotse, nagpasalamat kami sa isang panalangin. Di-nagtagal muling umulan.

“Nakita ninyo kung ano ang magagawa ng kaunting pananampalataya?” mapagpakumbabang sabi ng aming anak.

Tinuruan niya kaming lahat ng magandang aral noong araw na iyon. ■

Godfrey J. Ellis, Washington, USA

PAGLALARAWAN © GARY ALPHONSO, I2IART.COM



Ni Elder
Kyle S. McKay
Ng Pitumpu

Isang Malaking Pagbabago ng Puso

Sa Pagkahulog ni Adan, nagsimula ang sakit at kasalanan sa mundo. Maaaring makamatay pareho ang mga ito. Sa lahat ng sakit, marahil ay wala nang mas laganap o mas nakapipinsala kaysa kanser. Sa ilang bansa, mahigit ikatlong bahagi ng populasyon ang magkakaroon ng isang uri ng kanser, at ito ang responsable sa halos sangkapat ng lahat ng pagkamatay.[1] Madalas magsimula ang kanser sa iisang selula, na napakaliit kaya makikita lamang ito kung gagamitan ng microscope. Ngunit kaya nitong lumaki at kumalat nang mabilis.

Ang mga pasyenteng may kanser ay sumasailalim sa panggagamot para maging in remission o maalis ang kanser. Ang ibig sabihin ng remission ay wala nang matuklasang katibayan ng sakit. Gayunman, mabilis na ipinaliwanag ng mga doktor na kahit maaaring in remission na ang isang pasyente, hindi iyon nangangahulugan na magaling na siya.[2] Kaya, bagama't ang remission ay nagbibigay ng ginhawa at pag-asa, laging umaasa ang mga pasyenteng may kanser ng isang bagay na higit pa sa remission—umaasa silang gumaling. Ayon sa isang source, "Para masabi na nagamot na ang kanser ng isang tao, kailangan niyang hintayin at tingnan kung babalik pa ang kanser, kaya, napakahalaga ng panahon. Kung mananatiling in remission ang isang pasyente sa loob ng ilang taon, maaaring nagamot na ang kanser. Ang ilang kanser ay maaaring maulit pagkaraan ng maraming taon ng remission."[3]

Ang kasalanan ay sinisira, pinipinsala, at pinapatay ang kaluluwa. Ang kasalanan ang pangunahing sanhi—sa katunaya'y ang tanging sanhi—ng espirituwal na kamatayan.

Ang gamot sa kasalanan ay pagsisisi.

Karamdaman at Kasalanan

Tulad ng nakapipinsala ang kanser sa katawan, mas nakapipinsala ang kasalanan sa kaluluwa. Ang kasalanan ay kadalasang nagsisimula sa maliit—kung minsa'y hindi natin ito namamalayan sa liit—ngunit kaya nitong lumaki nang mabilis. Sinisira nito, pagkatapos ay pinipinsala, at saka pinapatay ang kaluluwa. Ito ang pangunahing sanhi—katunaya'y ang tanging sanhi—ng espirituwal na kamatayan sa lahat ng nilikha. Ang gamot sa kasalanan ay pagsisisi. Ang tunay na pagsisisi ay 100 porsiyentong epektibong ginagawang in remission ang nagkasala, o nauuwi sa kapatawaran [o remission] ng mga kasalanan. Ang kapatawarang ito ay naghahandog ng kapanatagan at kagalakan sa kaluluwa. Gayunman, ang pagtanggap ng kapatawaran ng kasalanan at pagiging malaya sa mga sintomas at epekto nito ay hindi nangangahulugan na ang

nagkasala ay lubusan nang gumaling. May isang bagay tungkol sa puso ng taong nagkasala na nagtutulot o malamang na magkasala. Sa gayon, maaaring maulit ang kasalanan, kahit ilang taon nang napatawad. Ang pananatiling in remission, o sa madaling salita, pagpapanatili ng kapatawaran ng mga kasalanan, ay mahalaga para lubusang gumaling.

Nalinis at Gumaling

Ang analohiyang ito ay nagpapaunawa sa atin na sa espirituwal, hindi lamang tayo kailangang malinis mula sa kasalanan kundi magamot din tayo sa ating pagiging makasalanan. Ang digmaang nagtatakda sa ating kalooban na gumawa ng mabuti laban sa ating likas na pagkatao na gumawa ng masama ay maaaring nakakapagod. Kung tayo ay tapat, magtatagumpay tayo hindi lamang dahil ipinilit natin ang ating kalooban sa ating likas na pagkatao, kundi dahil isinuko na natin ang ating kalooban sa Diyos at binago na Niya ang ating likas na pagkatao.

Itinuro ni Haring Benjamin, "Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao . . . sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon" (Mosias 3:19). Bilang tugon dito at sa iba pang mga turo, nanalangin ang mga tao ni Benjamin, "O maawa, at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran sa aming mga kasalanan, *at* ang aming mga puso ay maging dalisay" (Mosias 4:2; idinagdag ang pagbibigay-diin). Matapos silang manalangin, tumugon ang Panginoon sa kanilang dalawang-bahaging kahilingan. Una, "ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi" (Mosias 4:3).

Nakikitang ang kanyang mga tao ay "in remission o napatawad," hinimok sila ni Haring Benjamin na lubos na magpagaling sa pagtuturo sa kanila kung paano mapanatili ang kapatawaran (tingnan sa Mosias 4:11–30). "Kung ito ay inyong gagawin," pangako niya, "kayo ay laging magsasaya, at mapupuspos ng pag-ibig ng Diyos, at laging mananatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan" (Mosias 4:12).

Naniwala ang mga tao at ibinigkis ang kanilang sarili sa mga salita ni Haring Benjamin, pagkatapos ay sinagot ng Panginoon ang ikalawang bahagi ng kanilang panalangin—na "ang [kanilang] mga puso ay maging dalisay." Bilang pasasalamat at papuri, sumigaw ang mga tao, "[Ang] Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan . . . [ay] gumawa ng malaking pagbabago sa amin, o sa aming mga puso, kaya nga kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti" (Mosias 5:2). Ipinaliwanag ni Haring Benjamin na ang ibig sabihin ng malaking pagbabagong ito ay na sila ay isinilang sa Diyos (tingnan sa Mosias 5:7).

"Paano Ito Nangyari?"

Itinuro ng propetang si Alma na kailangan tayong kapwa magsisi *at* isilang na muli—isilang sa Diyos, magbago sa ating puso (tingnan sa Alma 5:49). Habang patuloy tayong nagsisisi, aalisin ng Panginoon ang lahat ng kasalanan natin *at* aalisin Niya yaong natural na nagsasanhi o nagtutulot na magkasala tayo. Ngunit, sa mga salita ni Enos, "Panginoon, paano ito nangyari?" (Enos 1:7). Simple lang ang sagot, ngunit malalim at walang-hanggan. Sa mga taong gumaling na mula sa anumang kundisyon, pisikal o espirituwal, nagpahayag ang Panginoon, "Pinagaling ka ng pananampalataya mo" (tingnan sa Marcos 5:34; Enos 1:8).

Ang malaking pagbabago ng puso na naranasan ni Alma ay nangyari "alinsunod sa kanyang pananampalataya," at ang puso ng kanyang mga alagad ay nagbago nang "ibinigay nila ang kanilang pagtitiwala sa totoo at buhay na Diyos" (Alma 5:12, 13). Ang puso ng mga tao ni Haring Benjamin ay "nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya sa [pangalan ng Tagapagligtas]" (Mosias 5:7).

Kung magkakaroon tayo ng ganitong uri ng pananampalataya, para maaari tayong magtiwala sa Panginoon nang buong puso. kailangan nating gawin kung ano ang humahantong sa pananampalataya at pagkatapos ay gawin kung ano ang kinahahantungan ng pananampalataya. Kabilang sa maraming bagay na humahantong sa pananampalataya, ayon sa konteksto ng pagbabagong ito ng puso, binigyang-diin ng Panginoon ang pag-aayuno, panalangin, at ang salita ng Diyos. At bagama't humahantong ang pananampalataya sa maraming bagay, pagsisisi ang unang bunga nito.

> ***Ang malaking pagbabagong ito ng puso ay isang bagay na ginagawa* sa atin *ng Diyos; hindi ito isang bagay na ginagawa* natin *sa ating sarili.***

Isipin ang sumusunod na dalawang talata mula sa aklat ni Helaman na nagtatampok sa mga alituntuning ito. Una, mababasa natin ang tungkol sa mga taong "madalas na nag-ayuno at nanalangin, at . . . tumatag nang tumatag sa kanilang pananampalataya kay Cristo . . . maging hanggang sa pagpapadalisay at sa pagpapakabanal ng kanilang mga puso, kung aling

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, hindi lamang tayo maaaring malinis mula sa kasalanan; maaari din tayong magamot sa ating pagiging makasalanan.

pagpapakabanal ay napasakanila dahil sa paghahandog ng kanilang mga puso sa Diyos" (Helaman 3:35). Pagkatapos, mula kay Samuel ang propetang Lamanita, natutuhan natin na, "[Ang] mga banal na kasulatan, oo, [ang] mga propesiya ng mga banal na propeta . . . [ay] nag-aakay . . . sa pananampalataya sa Panginoon, at sa pagsisisi, kung aling pananampalataya at pagsisisi ay nagdudulot ng isang pagbabago ng puso" (Helaman 15:7).

Umaasa sa Diyos

Dito tayo dapat tumigil sandali at kilalanin na ang malaking pagbabagong ito na pinag-uusapan natin ay isang bagay na ginagawa *sa atin* ng Diyos; hindi isang bagay na ginagawa *natin* sa ating sarili. May kakayahan tayong magsisi, magbago ng ating kilos, ng ating pag-uugali, maging ng ating mga hangarin at paniniwala, ngunit wala tayong kapangyarihan at kakayahang baguhin ang ating likas na pagkatao. Para sa malaking pagbabagong ito, lubos tayong umaasa sa Diyos na Maykapal. Siya ang magiliw na nagpapadalisay sa ating puso at nagbabago sa ating likas na pagkatao "sa kabila ng lahat ng ating magagawa" (2 Nephi 25:23). Ang Kanyang paanyaya ay tapat at tiyak: "[Magsisi], at [lumapit] sa akin nang may buong layunin ng puso, at *pagagalingin* ko [kayo]" (3 Nephi 18:32; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang epekto ng paggaling mula sa pagiging makasalanan ay na tayo ay "nagbago mula sa [ating] makamundo at [nahulog] na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan . . . naging kanyang mga anak na lalaki at anak na babae; At sa gayon [tayo ay] naging mga bagong nilikha" (Mosias 27:25, 26). Nababanaag sa ating mukha ang Liwanag ni Cristo. Bukod pa rito, sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na "ang sinomang [isinilang sa] Diyos ay hindi nagkakasala" (I Ni Juan 5:18). Hindi ito dahil sa wala tayong kakayahang magkasala, kundi dahil likas na sa ating pagkatao ngayon ang *hindi* magkasala. Tunay ngang iyan ang malaking pagbabago.

Matatandaan na ang pagdanas ng malaking pagbabago ng puso ay isang proseso na nangangailangan ng panahon, hindi sa isang iglap lamang. Ang pagbabago ay karaniwang pauntiunti, at kung minsa'y hindi kapansin-pansin, ngunit iyon ay tunay, mabisa, at kinakailangan.

Kung hindi pa ninyo naranasan ang gayong malaking pagbabago, tatanungin ko kayo: Nagsisi na ba kayo at nakatanggap ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan? Pinag-aaralan ba ninyo ang mga banal na kasulatan? Nag-aayuno ba kayo at nagdarasal nang madalas, upang kayo ay tumatag nang tumatag sa pananampalataya kay Cristo? Sapat ba ang inyong pananampalataya para magtiwala sa Panginoon nang buong puso? Matatag ba kayong naninindigan sa pananampalatayang iyon? Maingat ba kayo sa inyong mga iniisip, sinasabi, at ginagawa at sumusunod sa mga utos ng Diyos? Kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, palagi kayong magiging masaya at mapupuspos ng pag-ibig ng Diyos at lagi ninyong mapapanatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan. At kung mapapanatili ninyo ang kapatawaran, kayo ay mapapagaling, magagamot, at *mababago!*

Si Jesucristo ay may kapangyarihang linisin tayo mula sa ating mga kasalanan at mapagagaling din sa ating pagiging makasalanan. May kapangyarihan Siyang magligtas, at dahil diyan, may kapangyarihan Siyang magbago. Kung isusuko natin ang ating puso sa Kanya, na nananampalataya sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng pagbabagong kaya nating gawin, gagamitin Niya ang Kanyang kapangyarihan sa atin upang isakatuparan ang malaking pagbabagong ito ng puso (tingnan sa Alma 5:14). ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Stacy Simon, "Facts & Figures 2019: US Cancer Death Rate Has Dropped 27% in 25 Years," American Cancer Society, Ene. 8, 2019, cancer.org.
2. Tingnan sa "Remission: What Does It Mean?" webMD.com.
3. Cathy Sweat, *The Gates to Recovery* (2019).

Pagpapaganda ng Ating Karanasan sa Templo

Ng Unang Panguluhan

"Ang pinaka-natatanging bahagi ng Panunumbalik ay ang banal na templo. Ang mga banal na ordenansa at tipan nito ay mahalaga sa paghahanda sa mga tao na handang salubungin ang Tagapagligtas sa Kanyang Ikalawang Pagparito."[1]

Paminsan-minsan, gumagawa ang Unang Panguluhan ng mga pagbabago sa mga seremonya at pamamaraan sa templo upang mapaganda ang karanasan ng mga miyembro sa templo at tulungan ang lahat na magkaroon ng mas malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa loob ng mga sagradong lugar na ito.

Bilang bahagi ng karanasan sa templo, nagsusuot ang mga miyembro ng ceremonial clothing na ayon sa doktrina at may simbolikong kahalagahan na maiuugnay sa pagsamba sa templo sa Lumang Tipan (tingnan sa Levitico 8 at Exodo 28).

May ilang pagbabagong ginawa sa ceremonial clothing sa templo. Ang mga pagbabagong ito ay hindi kakikitaan ng pagbabago ng simbolismo o doktrina sa templo ngunit layon nitong gawin ang karanasan sa templo na mas simple, komportable, at madaling gawin kapag ang kasuotan ay mas madaling isuot, mapangalagaan, at mabibili sa murang halaga.

Ilan sa mga pagbabagong ito ang:

- Mas simpleng disenyo para sa veil at robe.
- Pag-aalis ng plastic insert mula sa cap at tali mula sa cap at veil.
- Paggamit ng mas matibay na materyal na ginagamit din para sa mga robe, cap, at sash na nakakatulong para tumagal ang mga ito at mas madaling pangalagaan.

Umaasa kami na ang mga pagbabagong ito ay makakatulong na mapabuti ang banal na karanasang ito kapag ginawa ninyong regular na bahagi ng inyong buhay ang pagsamba sa templo. ■

"Lahat ng pagbabago sa mga ordenansa at mga patakaran ay hindi nagpapabago sa banal na katangian ng mga tipan na ginagawa [sa templo]. Ang mga pagbabagong ito ay nagtutulot na maitimo ang mga tipan sa puso ng mga tao na nabubuhay sa iba't ibang pagkakataon at kalagayan."

Pangulong Russell M. Nelson, general conference leadership training meeting, Okt. 2019.

TALA

1. Russell M. Nelson, "Pangwakas na Mensahe," *Liahona,* Nob. 2019, 120.

RETRATO NG MAG-ASAWA NA KUHA NI MATT REIER; RETRATO NG PORT-AU-PRINCE HAITI TEMPLE NA KUHA NI CODY BELL

MGA SAGOT SA MGA PANGKARANIWANG TANONG

Maaari ko bang patuloy na gamitin ang ceremonial clothing na mayroon ako?

Oo. Maaaring gamitin pa rin ang mga dating estilo hangga't hindi pa kailangang palitan.

Paano ko dapat itapon ang lumang ceremonial clothing?

"Bago itapon ang lumang temple ceremonial clothing, dapat itong wasakin ng mga miyembro sa pamamagitan ng paggupit-gupit dito upang hindi malaman ng iba kung ano ang gamit nito" (*Handbook 2: Administering the Church* [2010], 21.1.42).

Maaari ko bang baguhin nang bahagya ang aking ceremonial clothing para makita ang bagong mga pagbabago?

Oo. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ito gawin ay makikita sa store.ChurchofJesusChrist.org/ceremonialclothing kapag nag-log in ka gamit ang iyong membership account o sa pamamagitan ng pagbisita sa Distribution Services at pagtatanong sa isang store clerk.

Maaari ko bang ipamigay ang aking lumang ceremonial clothing?

Kapag naaangkop, maaari mong ipamigay ang hindi pa gaanong nagamit na clothing sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan na tumanggap na ng endowment. Gayunman, ang ceremonial clothing, anuman ang kundisyon nito, ay hindi dapat ibigay na donasyon sa templo, Deseret Industries, o anumang palitan ng damit.

Paano ako magkakaroon ng bagong clothing?

Para malaman kung magkano at kung may mabibili sa inyong lugar, pumunta sa store.ChurchofJesusChrist.org/ceremonialclothing o bisitahin ang Distribution Services.

Mga Young Adult

Sa Bahaging Ito

44 **Paano Nakakagawa ng Kaibhan ang mga Young Adult sa Patuloy na Panunumbalik**

Digital Lamang

Iniisip ba Ninyo na Wala Kayong Layunin bilang Isang Young Adult? Isipin mo ulit

Ni Cesar Gervacio

Ang Paggamit ng Buong Pangalan ng Simbahan ay Asiwa Ngunit Sulit

Ni Lauri Ahola

Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paggawa ng Gawain ng Panginoon

Pagtatayo ng Kaharian sa New Caledonia

Ni Mindy Selu

Hanapin ang mga artikulong ito at ang iba pa:

- Sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org**
- Sa **Lingguhang YA** (sa ilalim ng bahaging Mga Young Adult sa Gospel Library)

Ibahagi ang Iyong Kuwento

May magandang kuwento ka bang maibabahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa ilang paksa? Kung gayon, nais naming makarinig mula sa iyo! Maaari mong ipadala ang iyong artikulo o feedback sa **liahona.ChurchofJesusChrist.org.**

Maaari Nating Ipalaganap ang Liwanag ng Ebanghelyo

Ang young adulthood ay panahon para sa paglago, mga oportunidad, at pagkakataon upang simulang itatag ang iyong buhay. At iyan ay maaaring napakahirap pagdaanan, kapana-panabik at nakakatakot na sabay-sabay na nararamdaman (iyan ang talagang nararanasan namin).

Ngunit hindi man natin alam ang lahat ng sagot sa mabibigat na tanong sa buhay, may isang bagay na talagang nakakasiguro tayo—na **ang mga young adult noon pa man ay may mahalagang puwersa sa patuloy na panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo.**

Sa pagpaplano ng bahagi sa buwang ito, kinausap namin ang maraming young adut tungkol sa kanilang pakikibahagi sa pagtitipon ng Israel. At kami ay nakadama ng pagpapakumbaba sa kanilang taos-pusong pagmamahal at katapatan sa ebanghelyo ni Jesucristo. Anuman ang kanilang kalagayan, nauunawaan ng mga **kabataang Banal na ito ang mahalagang papel nila sa huling dispensasyong ito.** Sa "Paano Nakakagawa ng Kaibhan ang mga Young Adult sa Patuloy na Panunumbalik" sa pahina 44, maaari ninyong basahin kung paano inihahanda ng mundo ang mga young adult mula sa India, Hungary, Barbados, Australia, at Estados Unidos para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Sa mga artikulong digital lamang, nagbigay si Cesar ng pananaw tungkol sa kung paano **natin mahahanap ang ating layunin at maging mas mahusay na lider.** Nagsalita si Lauri tungkol sa mga pagpapalang natatanggap natin kapag sinusunod natin ang payo ng propeta. Ibinahagi ng iba pang mga young adult ang kanilang mga karanasan sa paglilingkod sa templo, pagmi-minister, family history, at gawaing misyonero. At ibinabahagi natin ang isang halimbawa mula sa young adult sa New Caledonia, na naglalarawan kung paano **ginagawa ng mga kabataang miyembro ang gawain ng Panginoon sa maliliit na area ng Simbahan.**

Saanman kayo naroon at anuman ang sitwasyon ninyo, **maaari kayong makagawa ng kaibhan sa pagtitipon ng Israel nang higit sa inaakala ninyo.** Bilang mga young adult, tayo ang magiging mga lider ng Simbahang ito sa hinaharap. At ang ating mga pagsisikap ngayon ay magpapaibayo at magpapalaganap sa liwanag ng ebanghelyo sa buong mundo sa hinaharap.

Tapat na sumasainyo,
Chakell Wardleigh at Mindy Selu
Mga patnugot ng bahagi para sa mga young adult ng mga magasin ng Simbahan

LARAWANG KUHA NI WESTON C. COLTON

Paano Nakakagawa ng Kaibhan ang mga Young Adult sa **Patuloy na Panunumbalik**

Noon pa man ay may mahalagang papel na ang mga young adut sa gawain ng kaligtasan.

Sa tuwing makakarinig ka ng paanyaya ng lider ng Simbahan na makibahagi sa patuloy na panunumbalik o tumulong sa pagtitipon ng Israel, naisip mo ba kung "Ano ang magagawa ko? Nag-iisa lang ako," "Napakabata ko pa, "Wala pa akong asawa," o "Wala akong gaanong alam. Ano ang kaibhang magagawa ko?"

Bawat isa sa atin ay naiisip ang gayong mga bagay paminsan-minsan. Ngunit sikapin mong huwag pairalin ang kawalan ng tiwala sa sarili habang binabasa mo ang ilang sumusunod na pangungusap:

- Si Joseph Smith ay 22 taong gulang lamang nang simulan niya ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon.
- Si Oliver Cowdery ay 22 din at si John Whitmer ay 26 (at kapwa sila wala pang mga asawa!) nang magsimula silang magtrabaho bilang tagasulat ni Joseph.
- Noong 1835, nang tawagin ang Unang Korum ng Labindalawang Apostol, ang edad nila ay nasa pagitan ng 23 at 35.
- Marami sa mga naunang Banal na sumapi sa Simbahan at nagpalaganap ng ebanghelyo ay mga young adult.

Sa kabuuan, ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga young adult noong mga unang araw ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Mga taong tulad mo.

Pagnilayan mo ang kahalagahan niyan.

Ang Simbahan ay hindi lalaganap sa buong mundo ngayon kung inisip ng bawat isa sa kanila na hindi sila makakagawa ng kaibhan. At ikaw—oo, ikaw!—ay bahagi ng isang piling henerasyon na pinili upang ipagpatuloy ang pagpapanumbalik at pamumuno sa Simbahan ni Jesucristo ngayon.

MAPA MULA SA GETTY IMAGES



Ipinadala Ka Rito. Ngayon. Para sa Isang Layunin.

Nang magsalita tungkol sa ating henerasyon, itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, "Kayo ay nabubuhay sa 'panahon bago pumarito ang Panginoon.' Ipinahayag ng Panginoon na ito na ang huling beses na tatawag Siya ng mga manggagawa sa Kanyang ubasan upang tipunin ang mga hinirang mula sa apat na sulok ng daigdig. (Tingnan sa D at T 33:3–6.) At *ikaw* ay isinugo upang makilahok sa pagtitipong ito."[1]

Isipin ang 65,000 na mga full-time missionary na nagbabahagi ng ebanghelyo, araw-araw, sa buong mundo. Isipin ang lahat ng young adult na gumagawa ng mga tipan sa templo, sinasamantala ang ipinanumbalik na mga pagpapala ng priesthood at ng templo at nakikipagtipan na magiging matapat, palalakasin ang kanilang pamilya, at itatayo ang kaharian ng Diyos sa lupa. Isipin ang mga young adult na naglilingkod bilang mga lider ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo. Isipin ang mga yaong patuloy na nagsisikap na sundin si Jesucristo kahit may mga humahadlang sa kanila. Ang mga young adult ay may mahalagang bahagi na sa

Kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga young adult noong mga unang araw ng Panunumbalik. Mga taong tulad mo.

Ang Panunumbalik ay tungkol sa paghahangad ng paghahayag.

VENNELA VAKAPALLI,
EDAD 22, INDIA

Panunumbalik sa simula pa lamang. At ang patuloy na Panunumbalik ay mahalagang bahagi ng buhay ng maraming miyembrong young adult ng Simbahan.

Ano ang Ibig Sabihin para sa Atin ng Panunumbalik

Para sa marami sa atin, ang ating pakikibahagi sa Panunumbalik ay bunga ng mga itinuro sa atin. Para kay Vennela Vakapalli, isang young adult convert mula sa Andhra Pradesh, India, "ang Panunumbalik ay tungkol sa paghahangad ng paghahayag. Nagpunta si Joseph Smith sa kakahuyan para makatanggap ng paghahayag. Humingi siya ng payo sa Panginoon, naghintay ng sagot, at nagtiyaga siya. Iyon ang gustung-gusto ko." Ipinaliwanag ni Vennela, "Bago ko narinig ang tungkol sa Panunumbalik, wala akong gaanong alam tungkol sa paghahangad ng paghahayag. Ang isa sa mga pinakamagandang bagay na kahanga-hanga sa akin ay kung gaano niya ginugol ang kanyang panahon upang makatanggap ng paghahayag mula sa Diyos. Iyan ang natutuhan ko mula sa Panunumbalik."

Ginagawang mas magaan at mas panatag ang buhay ko ng labis na kaalaman na nagmumula sa Panunumbalik.

JACOB ROBERTS,
EDAD 29, ESTADOS UNIDOS

Sina Emma at Jacob Roberts, isang bata pang mag-asawa mula sa Utah, USA, ay sumasang-ayon na ang Panunumbalik ay tungkol sa "patuloy na paghahayag"—para sa ating sarili at para sa mundo—"na may isang propeta tayo, isang tagapagsalita dito sa mundo mula sa Diyos, na tinitiyak na anumang mga hamon ang idulot ng mundo, mayroon tayong isang tao na nagpapagal at nakikipag-usap sa Diyos upang matiyak na handa tayong harapin ang anumang hamon na idinudulot ng mundo bunga ng mga pagbabago nito."

"Maraming kaalaman na kaakibat ng Panunumbalik ang mas nagpagaan at mas nagpanatag ng buhay ko," sabi ni Jacob. Lahat ng ito ay dumarating nang may katiyakan "na may isang Diyos na nagmamahal at nangangalaga sa atin," sabi ni Emma. "Layunin Niya ang lumigaya tayo. Bilang mga young adult, mapagtitiwalaan at masusunod natin Siya nang ganap dahil alam nating kaligayahan natin ang minimithi Niya. Alam natin na tayo ay mga walang-hanggang nilalang, at nagbibigay sa akin iyan ng pag-asa at pananampalataya, na anuman ang gawin ko ngayon at anumang pagkakamali ang magawa ko ngayon, maaari pa rin akong makapagsisi at may pagkakataon ako sa mundong ito na umunlad at matuto."

Ang ganyang klaseng katiyakan ay nakatulong din kay Ramona Morris, isang dalaga mula sa Barbados, nang una niyang nalaman

Ang Panunumbalik ay nagdudulot ng kapayapaan sa mga taong may alinlangan sa kanilang buhay at sa plano ng Diyos para sa kanila.

RAMONA MORRIS,
EDAD 28, BARBADOS

ang tungkol sa Panunumbalik. Bukod pa rito, nagkaroon siya ng patotoo na "Ang Ama sa Langit ay nariyan para sa atin. Naghahatid ang Panunumbalik ng kapayapaan sa mga taong may alinlangan sa kanilang buhay at sa plano ng Diyos para sa kanila."

Ngunit kahit nagdulot ng kaliwanagan sa buhay niya ang Panunumbalik na ito, inamin din niya na "dahil napakalayo ko sa headquarters ng Simbahan, mahirap makakonekta sa ebanghelyo, ngunit dahil malakas ang aking patotoo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo, alam ko na kahit malayo ako, nararamdaman ko pa rin na bahagi ako ng Panunumbalik, na hindi ako nag-iisa."

At hindi siya nag-iisa. Ang mga young adult sa buong mundo ay nakikibahagi sa Panunumbalik sa pamamagitan ng paglilingkod sa templo, family history, at gawaing misyonero. Sa pagkaunawa ng personal na paghahayag na natamo natin mula sa ating natutuhan sa Unang pangitain ni Joseph Smith at sa Panunumbalik, maaari nating ipagpatuloy ang paghahangad na malaman ang kalooban ng Diyos at ang tungkuling gagampanan natin sa patuloy na Panunumbalik.

Mga Young Adult na Namumuno sa Simbahan

Maaaring mga young adult pa lang tayo, ngunit maaari tayong maging mga lider sa Simbahan ngayon. Kahit siya lang ang miyembro ng Simbahan sa kanyang pamilya, pinalalakas si Janka Toronyi ng Győr, Hungary, ng pakikibahagi ng kapwa niya mga young adult sa iba pang mga aspeto ng Panunumbalik: "Marami sa mga kaibigan ko ang nasa misyon na, at napakasayang makita ang kanilang pag-unlad at pagkatapos ay umuuwi na sila, at napakalaki na ng kanilang iniunlad dahil sa mga naging karanasan nila. Napakagandang karanasan iyon para sa aming lahat. At lagi akong namamangha kapag nakikita ko ang mga kaibigan kong young single adult na gumaganap sa kanilang mga tungkulin at kung minsan maging sa mga oportunidad na likha nila mismo, gaya ng pagboboluntaryo na maging mga counselor o tagapayo sa mga FSY (For the Strength of Youth) conference. Sa palagay ko ang Panunumbalik ay hindi laging tungkol sa pagtuturo sa mga tao

Ang Panunumbalik ay tungkol sa pagpapalakas sa ating mga miyembro.

JANKA TORONYI,
EDAD 24, HUNGARY

Para sa akin, ang pakikibahagi sa Panunumbalik ay pagtulong sa mga darating na henerasyon na maunawaan ang ebanghelyo at kung paano ito makatutulong sa buhay nila at sa iba.

STEFANY JOSEPH,
EDAD 28, AUSTRALIA

tungkol sa ebanghelyo—ito ay tungkol sa pagpapalakas sa ating mga miyembro."

Nauunawaan ng mga young adult sa Hungary na sila ang magiging mga lider ng Simbahan sa hinaharap. "Kailangan tayo at kailangan ang kakayahan natin na magawa ang gawain, na mahirap kung minsan," pag-amin ni Janka. "Pinabibilis ng Panginoon ang gawain at tayo ay bahagi nito. Kung minsan iniisip natin, 'Paano ko dapat gawin ito?' Ngunit magandang makita na malaki ang tiwala sa atin ng mga lider natin. Nakahihikayat ito sa mga talagang nagmamahal sa Simbahan at may malakas na patotoo, dahil alam natin na balang-araw magkakaroon tayo ng responsibilidad. Responsibilidad natin ang ating espirituwal na pag-unlad."

Nakikibahagi sina Sean at Stefany Joseph mula sa Western Australia sa Panunumbalik sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga kabataan sa kanilang ward. "Para sa akin, ang pakikibahagi sa Panunumbalik ay pagtulong sa mga darating na henerasyon na maunawaan ang ebanghelyo at kung paano ito makakatulong sa buhay nila at sa iba," sabi ni Stefany. "Makakatulong kami na makapagtatag ng mas matibay na pundasyon para sa Simbahan sa aming bansa kalaunan."

"Gusto naming tulungan ang mga kabataan na magkaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon at kay Joseph Smith at matanto sa kanilang sarili na sila ay talagang mga anak ng Diyos," paliwanag ni Sean. "Ayaw namin na maging isang bagay lang ito na kinakanta nila sa Primary—gusto naming malaman nila na talagang totoo ito."

Gaya ni Vennela, hindi laging madaling ipamuhay ang ebanghelyo sa India, pero alam niya na makakatulong ang lakas ng mga young adult doon para mabigyang inspirasyon ang iba at makakatulong sa pagsulong ng Panunumbalik. "Dito, lahat ng young adult ay napakatapat. Humahanap sila ng mga pagkakataong maibahagi ang kanilang patotoo," sabi niya. "Para kaming mga pioneer sa India. Palipat-lipat kami ng lugar at ilan sa amin ang iniwan pa ang aming mga pamilya. Maaaring mahirap ang buhay dito, ngunit pinipili pa rin naming ipamuhay ang ebanghelyo. Ang mga banal na kasulatan ay nagbibigay sa akin ng pag-asa, lakas, at tapang."

Saan man tayo naroon, bilang mga young adult, maaari tayong patuloy na makapagbigay ng malaking impluwensya sa patuloy na Panunumbalik sa pamamagitan ng ating pananampalataya at katapatan sa ebanghelyo.

Ang Kinabukasan ng Simbahan: Responsibilidad Natin Iyan

Tayo ang kinabukasan ng Simbahan. Tayo ay nasa huling digmaan. Inaasahan tayo ng Ama sa Langit na tutulong sa Kanya na magawa ang Kanyang gawain—ang Kanyang gawain na nagpapabago ng buhay. Alam Niya na may sapat na lakas tayo para magpatuloy sa pagsulong at pagdaig sa lahat ng panunukso sa atin ng kaaway. At desperado na si Satanas. Alam niyang magagapi siya sa labanang ito dahil mamamayani ang gawain ng Paginoon.

"Alam natin na pinabibilis ng Panginoon ang gawain at walang sinumang makapipigil diyan," sabi ni Janka. "Alam nating mangyayari at mangyayari ito. Ngunit kailangan nating magpasiya kung nais nating maging bahagi nito at tulungan itong sumulong o manood na lang sa isang tabi. Malaya tayong magpasiya na maging bahagi nito, at mayroon tayong patotoo para mapili ang tama at piliing sundin si Cristo. Kailangan nating maging bahagi nito."

Kaya responsibilidad nating magpasiya kung makikibahagi tayo o hindi.

Responsibilidad nating panindigan ang pinaniniwalaan natin.

Responsibilidad nating maghangad ng personal na paghahayag sa ating buhay.

Responsibilidad nating tulutan ang mahihirap na hamon na kinakaharap natin na palakasin ang ating pananampalataya sa Tagapagligtas.

Responsibilidad nating sumunod sa Kanya at gawin ang lahat ng makakaya natin upang maakay ang iba tungo sa Kanya.

Responsibilidad nating magtiis hanggang wakas sa pinakamainam na paraan.

Tayo ay tunay na nasa mga huling araw na. At ang pamumuno sa Simbahan sa tinatawag ni Pangulong Nelson na "pinakamahalagang dispensasyon sa kasaysayan ng mundong ito"[2] ay tila totoong nakakatakot na responsibilidad. Pero isipin mo ito—pinagtiwalaan tayo ng Ama sa Langit at inilaan tayo sa mundong ito sa partikular na panahong ito, sa panahong nahaharap tayo sa napakaraming tukso at panggagambala at maraming salungat na mga opinyon sa panahong ito.

Sa pagpapadala sa atin dito sa pinakamahalagang dispensasyon, hindi tayo ilalagay ng Ama sa Langit sa sitwasyon na mabibigo tayo. Alam Niya ang ating potensyal, ating lakas, ating tapang, at sa huli, alam Niya na makagagawa tayo ng kaibhan sa Panunumbalik ng Simbahan, anuman ang ating edad, may-asawa man tayo o wala. Kahit gaano kahirap lampasan ang ating mga pagsubok, o gaano man kaimposibleng mamuno at magbahagi ng ebanghelyo sa iba't ibang bahagi ng mundo, kapag nasa panig natin Siya, sino ang may kakayahang kumalaban sa atin? Tutulungan Niya tayong isagawa ang imposible. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* Okt. 2016, 48.
2. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* 46.

Maaari mong mahanap ang iba pang mga kuwento ng mga young adult mula sa buong mundo na lumalahok sa Panunumbalik sa digital lamang na artikulo na "Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paggawa ng Gawain ng Panginoon."

MGA KABATAAN

Naturuan ako at nabinyagan sa Simbahan.

Isa sa mga bagay na unang nakaakit sa akin ay ang mga aktibidad ng mga kabataan. Hanggang ngayon gustung-gusto kong makasama ang mga kaibigan ko sa Simbahan dahil mabuti at nakapagpapasigla ang kasiyahang naibibigay nila. Paborito kong puntahan ang Suva Fiji Temple na kasama nila bawat linggo.

Sa Fiji, malakas ang impluwensya ng mga barkada. Ang mga tindahan ay hindi palaging humihingi ng identification card sa mga bumibili ng alak, sigarilyo, at iba pang katulad nito. Nakakabili nito ang mga bata sa lahat ng oras. Mahirap kung minsan na piliin ang tama.

Isa sa mga bagay na nagpapanatiling matatag sa akin ay ang mga nakababata kong kapatid. Ako ang panganay, kaya palagi ko silang naiisip tuwing natutukso akong gumawa ng mali. Ayaw ko silang gumawa ng anumang masasamang desisyon dahil nakita nilang una akong gumawa ng isang bagay. Bago namatay ang aking ina, sinabi niya sa akin na ipangako ko na aalagaan ang aking mga kapatid at palagi silang gabayan.

Sa ngayon ako pa lang ang miyembro ng Simbahan sa aming magkakapatid. Pero ipinagdarasal ko sila araw-araw. Pinasasalamatan ko ang Ama sa Langit sa pagbibigay sa kanila ng isa na namang panibagong araw, at ipinagdarasal ko na makatanggap sila ng kaalaman tungkol sa Kanyang ebanghelyo. Sila ang nagpapatatag sa akin.

Mikayla J., edad 17, Fiji

LARAWANG KUHA NI LESLIE NILSSON

SA BAHAGING ITO

58

52 **Palakasin ang Iyong Pananampalataya sa Pamamagitan ng Unang Pangitain**
Ni Elder Neil L. Andersen

56 **Isang Taxi, Isang Batang Estudyante, at Isang Sagot sa Panalangin**
Ni Sydney Chime Ihunwo

58 **Pagkakaroon Ko ng Pananampalataya nang Paunti-unti**
Ni Elder Edward Dube

62 **Mga Tanong at mga Sagot: Unang Pangitain at ang Aklat ni Mormon**

64 **Apat na Imahe mula sa Linggo ng Pagkabuhay**

Ni Elder
Neil L. Andersen
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

PALAKASIN ANG IYONG PANANAMPALATAYA SA PAMAMAGITAN NG UNANG PANGITAIN

NOONG AKO AY 16 NA TAONG GULANG, naglakbay ako mula sa bahay namin sa Idaho para dumalo sa kumperensya sa East Coast ng Estados Unidos, na dinaluhan ng mga kabataang lalaki at kabataang babae mula sa lahat ng 50 estado at halos 40 bansa. Bago iyon, bihira akong makaranas ng sitwasyon kung saan ang mga paniniwala at pananalig ko ay hindi kapareho ng sa iba.

Isang gabi habang kaswal na nag-uusap kami ng isang grupo, nagkaroon ng talakayan tungkol sa ilan sa mga paniniwala at gawain ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Isang malaking grupo ng mga estudyante ang biglang nagtuon ng kanilang atensyon sa akin at nagsimulang magtanong, nang may pagpuna sa ating mga paniniwala.

Hindi ko inaasahan iyon. Ngunit matapos akong makapag-isip nang ilang sandali, sinimulan kong ibahagi ang ilang pangunahing alituntunin ng ebanghelyo. Ipinaliwanag ko na mayroon tayong Ama sa Langit, na tayo ay Kanyang mga anak na lalaki at babae, at narito tayo sa lupa upang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at upang patunayan ang ating sarili sa pamamagitan ng pagpili ng mabuti sa halip na masama.

Ang pagbabahagi ng mga alituntuning ito ay naghikayat sa akin na banggitin ang patotoo ni Joseph Smith. Hindi nagtanong ang mga estudyante tungkol kay Joseph Smith, pero sinabi ko pa rin ang pinagmulan ng dahilan kung bakit ako naniniwala sa pinaniniwalaan ko. Nang ikinuwento ko ang pagpapakita ng Ama at ng Anak sa Sagradong Kakahuyan, biglang natahimik ang lahat. Isang nakaaantig na kabanalan ang nadama sa silid, at nadama kong napuspos ako at ang aking mga sinasabi ng espirituwal na kapangyarihan.

Pagkatapos nito, pinasalamatan ako ng ilang estudyante sa aking matibay na paniniwala. May ilan pang humiling ng karagdagang impormasyon tungkol sa Simbahan. Nang bumalik ako sa aking silid nang gabing iyon, natanto ko na ang naranasan ng taong ito ay nagkaroon ng malaking epekto sa akin. Nadama ko mismo ang kapangyarihan ng pagpapatotoo tungkol sa Diyos Ama, kay Jesucristo, at sa Unang Pangitain.

Simula noon mahigit 50 taon na ang nakararaan, pinatotohanan ko nang maraming beses ang Ama, ang Anak, at si Propetang Joseph Smith. Sa mga karanasang ito, patuloy kong nadama ang pagpapatibay ng Espiritu Santo.

Gusto kong magbahagi ng limang alituntunin na natutuhan ko mula sa aking espirituwal na pang-unawa tungkol sa Unang Pangitain. Ang mga alituntuning ito ay nagpalakas sa aking pananampalataya at hangarin na sundin ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak. Umaasa ako na palalakasin din kayo ng mga ito.

PAGLALARAWAN NI DAVID MALAN



Dalangin ko na tularan ninyo ang huwaran ni Joseph sa panalangin, matutuhan ang mga katotohanang natutuhan niya, at palakasin ang inyong pananampalataya sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

MULA SA UNANG PANGITAIN, NALAMAN NATIN NA KILALA TAYO NANG PERSONAL NG MGA SELESTIYAL NA NILALANG NA ITO, TULAD DIN NG KILALA NILA SI JOSEPH.

1. Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay Tatlong Magkakahiwalay at Magkakaibang Nilalang

Sa maraming siglo, pinagtalunan ng mga iskolar at pilosopo ng relihiyon ang likas na katangian ng Diyos Ama, ni Jesucristo, at ng Espiritu Santo. Naniniwala ang karamihan sa kanila na Sila ay iisang nilalang. Dahil sa karanasan ni Joseph sa Sagradong Kakahuyan 200 taon na ang nakararaan, alam natin ang lubos na katotohanan tungkol sa katangian ng Diyos.

Una sa lahat, Siya ay buhay! Pangalawa, ang Ama at ang Anak ay dalawang hiwalay, maluwalhati, nabuhay na mag-uling mga nilalang, naiiba sa isa't isa. Kalaunan, nalaman ni Joseph na "ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu. Kung hindi ganito, ang Espiritu Santo ay hindi makapananahanan sa atin" (Doktrina at mga Tipan 130:22).

2. Tayo ay mga Anak na Lalaki at Anak na Babae ng Diyos

Sa pamamagitan ng Unang Pangitain at iba pang mga karanasan, nalaman ni Propetang Joseph Smith na ang Diyos ay hindi isang kapangyarihan na malayo sa atin na lumikha sa mundo at sa mga naninirahan dito at pagkatapos ay nalimutan na sila. Sa katunayan, bawat isa sa atin ay "minamahal na anak na babae [o anak na lalaki] ng mga magulang sa langit."[1]

Nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak na: "Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos."[2] Malinaw na ipinahayag ng ating Ama ang tadhanang iyan: "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao" (Moises 1:39).

Ang tunay nating pagkakakilanlan ay mula sa Diyos, at narito tayo sa lupa upang maging higit na katulad Niya. Ang pagkaunawang ito mula sa Unang Pangitain ay nagtulot sa akin bilang isang binatilyo na malaman na mayroon akong Ama sa Langit na nagmamahal sa akin at gusto akong bumalik sa Kanya.

3. Tayo ay Maaaring Mapatawad sa Ating mga Kasalanan

Isa sa mga labis na ikinabahala ni Joseph ay ang mapatawad sa kanyang mga kasalanan. Sa isang tala tungkol sa Unang Pangitain, sinagot ng Panginoon ang binatilyong naghahanap ng katotohanan sa mga salitang ito: "Joseph, anak ko, ang iyong mga kasalanan ay pinatawad na. Humayo ka, lumakad sa aking mga palatuntunan, at sundin ang aking mga kautusan. Masdan, ako ang Panginoon ng kaluwalhatian. Ipinako Ako sa krus para sa sanlibutan nang ang lahat ng maniniwala sa aking pangalan ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan."[3]

Nalaman ni Joseph na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, siya ay pinatawad sa kanyang mga kasalanan at naging malinis at dalisay sa harapan ng Diyos. Binigyan siya ng isang tiyak na kaalaman na si Jesucristo ay dinala sa kanyang sarili ang mga kasalanan at

PAGLALARAWAN NI KENDALL RAY JOHNSON

pasanin ng lahat ng mga nabuhay at mabubuhay sa mundo.

Mula sa Unang Pangitain, nalaman natin na dahil sa pagpapala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, maaari din tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at balang-araw ay makatayong malinis sa harapan ng Ama.

4. Naririnig at Sinasagot ng Ating Ama sa Langit ang Ating mga Panalangin

Sa kakahuyan noong 1820, nang araw na iyon nalaman ni Joseph na nakikinig ang Ama sa Langit at sumasagot sa panalangin. Kalaunan, sinabi ni Joseph, "Buo ang aking pagtitiwala na magtatamo ng banal na pagpapatunay, tulad ng dati" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:29). Ang Kanyang halimbawa ay nagtuturo sa atin na malalapitan natin ang ating Ama sa Langit sa panalangin upang matanggap ang mga sagot sa atin.

Ginawa ni Joseph ang huwarang ito ng panalangin nang paulit-ulit. May tiwala siya na makikinig ang Panginoon at sasagutin ang kanyang mga panalangin. Nanalangin siya tungkol sa mga bagay na malamang na ipinagdasal ninyo.

Nanalangin siya para sa karunungan (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:12–13).

Nanalangin siya tungkol sa binyag (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:68).

Nanalangin siya para sa kaligtasan (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:1–4).

Nanalangin siya para sa mga missionary (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22).

Nanalangin siya para sa Simbahan, sa mga miyembro nito, at mga lider nito (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:71–76).

At nanalangin siya para sa kanyang pamilya (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:68–69).

Ito ay isang huwaran para sa atin. Ipinakita sa atin ni Joseph na maaari tayong lumapit lahat sa ating Ama sa panalangin.

5. Kilala Tayo nang Personal ng Ama at ng Anak

Mula sa Unang Pangitain, nalaman natin na kilala tayo nang personal ng mga selestiyal na Nilalang na ito, tulad din ng kilala nila si Joseph. Tinawag ng Ama sa pangalan si Joseph at, "itinuturo ang isa," ay sinabing, "*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Alam ng Ama at ng Anak ang mga pangangailangan, alalahanin, at inaasam ni Joseph, tulad din ng alam Nila ang sa atin. Alam din Nila ang ating mga tagumpay at kalungkutan.

Noong kabataan ko, nagdasal ako para sa maraming bagay. Habang ginugunita ko ito ngayon, ilan sa mga bagay na iyon ay tila hindi naman gaanong mahalaga. Ngunit mahalaga iyon sa akin noon, at naunawaan ko sa murang edad na mayroon akong Ama sa Langit na nakikinig sa akin. Hindi ako laging nakatanggap ng agarang sagot, ngunit nadama ko na sa Kanyang sariling panahon at sa sarili Niyang paraan ay tutuparin Niya ang aking kahilingan sa paraang akma sa akin.

Manalig at magtiwala na ang Diyos ay mangungusap sa inyo. Maniwala sa mga damdaming dumarating nang malalim sa inyong puso. Natutuhan kong maniwala sa panalangin at maunawaan ang kapangyarihan nito dahil alam ko ang mga karanasan ni Propetang Joseph Smith. Alam ko na kilala ako ng Diyos sa pangalan at na sasagutin Niya ako, tulad din ng alam Niya ang inyong pangalan at sasagutin kayo.

Patotoo

Sa 68 taon na nabubuhay ako sa mundo, maraming pagkakataon kong sinubukan ang huwaran ni Joseph sa panalangin. Bilang tunay na mga disipulo ng Tagapagligtas, nakatanggap din ako ng mga sagot mula sa langit. Alam ko na si Jesus ang Cristo. Siya ang Anak ng Diyos. Siya ay nabuhay na mag-uli at buhay ngayon. May kapangyarihan Siya na tulungan kayong magtagumpay. Sa pamamagitan ng ating pananampalataya, pagsunod, at pagsisisi, ligtas Niya tayong maibabalik sa ating tahanan sa langit.

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo at Kanyang inorden na saksi, pinatototohanan ko nang may katiyakan at pananalig na pinagtibay ng Espiritu Santo na ang Ama at ang Anak ay nagpakita kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan. Dalangin ko na tularan ninyo ang huwaran ni Joseph sa panalangin, matutuhan ang mga katotohanang natutuhan niya, at palakasin ang inyong pananampalataya sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

MGA TALA

1. "Young Women Theme," youngwomen.ChurchofJesusChrist.org.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
3. "Joseph Smith's Accounts of the First Vision," josephsmithpapers.org.

Isang **TAXI,** Isang **BATANG ESTUDYANTE,** at Isang **SAGOT SA PANALANGIN**

Nagkaroon kami ng pahiwatig na makikita namin siya, pero bakit hindi namin siya makita?

PAGLALARAWAN NI COREY EGBERT

Ni Sydney Chime Ihunwo

Isang araw binigyan kaming magkompanyon ng referral para turuan ang isang lalaki na nakatira sa isang nayon na tinatawag na Tema, malapit sa magandang lungsod ng Accra, Ghana. Ang mga numero ng bahay sa nayon na iyon ay hindi eksakto, kaya binigyan kami ng nakasulat na direksyon para matunton ang bahay.

Pagdating namin sa nayon, sinunod namin ang direksyon pero hindi namin makita ang lalaki dahil karamihan sa mga bahay doon ay katulad ng nasa deskripsyon. Dahil litung-lito na, nagpasiya kaming kumatok sa mga pintuan sa komunidad para magtanong, pero parang walang nakakakilala sa taong hinahanap namin. Nadama ko na dapat kaming manalangin sa Ama sa Langit para sa tulong.

Pagkatapos kong magdasal, naramdaman ko na makikita na namin ang taong hinahanap namin, kaya lalo naming pinag-igi ang paghahanap. Pero hindi pa rin namin siya nakita. Napagod kami at nagpasiyang bumalik sa aming proselyting area dahil may iba pa kaming mga appointment. Pagdating namin sa paradahan ng taxi, nakita ng drayber ng taxi na naghatid sa amin sa nayon na bakas sa mukha namin ang lungkot at itinanong kung nakita namin ang taong hinahanap namin. Ang sagot namin syempre ay hindi.

Iminungkahi niya na pumasok kami sa loob ng isang paaralan na nasa isang kanto at magtanong doon. Sinabi namin sa kanya na hindi iyon ang deskripsyon na ibinigay sa amin, pero nagpumilit siya. Bumaba kami ng taxi at nagpunta na sa paaralan—hindi dahil sa inisip naming makakakita doon ng sinuman, kundi para pagbigyan lang ang nagmamalasakit na kaibigan.

Habang papalapit kami sa administration building sa paaralan, isang batang lalaki ang tumakbo papunta sa amin. Ngumiti siya at sinabi sa amin na sila lang ng kanyang kapatid na lalake ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lugar na ito at matutulungan niya kami.

Nagkatinginan kami ng kompanyon ko at halos hindi makapaniwala. Isang himala ito. Tinulungan kami ng bata na makita ang taong hinahanap namin, at kalaunan ay tinanggap niya ang ebanghelyo at nabinyagan.

Ang karanasang ito ay nagturo sa akin na sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin sa Kanyang sariling panahon at sa Kanyang sariling paraan. Kapag hindi natin kaagad natatanggap ang mga sagot sa ating mga panalangin, manalig tayo sa Kanya at matutong magtiyaga. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Rivers State, Nigeria.

Ni Elder Edward Dube
Ng Pitumpu

Pagkakaroon Ko ng Pananampalataya nang Paunti-unti

MGA PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

Maaaring matagalan bago magkaroon ng patotoo. Kadalasan ay kailangan munang mapagsama-sama ang maliliit na karanasan.

Isa sa mahahalagang sandali sa buhay ko ang nangyari sa akin sa edad na 10 nang nag-ukol ako ng dalawang linggo sa pag-aaral ng doktrina ng Katoliko sa Loreto Roman Catholic Mission, mga 20 milya (32 km) ang layo mula sa bahay namin sa Silobela, Zimbabwe. Nakilala at minahal ko ang Tagapagligtas na si Jesucristo at umasa sa Panginoon dahil sa mga natutuhan at mga impresyong ito.

Habang ako ay nasa Catholic chapel, nakita ko ang mga ipinintang larawan ng mga tagpo mula sa buhay ng Tagapagligtas na idinikit sa dingding: mga tagpo ng pagsilang ni Jesucristo, pagtuturo sa templo, pagdarasal sa Halamanan ng Getsemani, pagpasan ng krus sa Kalbaryo, pagpapako sa krus sa Golgota, at Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Labis akong nalungkot nang makita ko ang mga pako at tinik na iyon. Nang tinitingnan ko na ang larawan ng Pagpapako sa Krus, napuno ng luha ang aking mga mata. At sa bawat pagkakataon ay napapaiyak ako at nagsasabing, "Napakaraming hirap ang dinanas Niya para lang sa akin."

Sa seremonya ng pagkukumpil, isa sa mga pari ang tumingin sa aking mga mata at sinabing, "Kayo ang ilaw ng sanglibutan" (tingnan sa Mateo 5:14). Pagkatapos habang itinuturo niya ang nakasinding kandila, binanggit niya ang mga salita ng Tagapagligtas na, "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:16).

Nang malaman ko pa ang tungkol kay Jesus, nagsimula na ang kagustuhan kong maglingkod sa iba. Halimbawa, para makaigib ng tubig kailangan naming lakarin ang limang milya (8 km) na layo mula sa aming nayon. Kadalasan, ang kababaihan sa nayon, pati na ang aking ina, ay nagpapatong sa kanilang mga ulunan ng 20-litrong lalagyan na puno ng tubig. Matapos ang karanasan ko sa seminaryong Katoliko, madalas na akong nagtulak ng 2-litrong lalagyan ng tubig para tulungan ang aking ina, pati na ang dalawa pang balo na mga kapitbahay namin. Naalala ko ang kasiyahang nadarama ko sa tuwing nakakatulong ako sa iba.

Ang mga karanasang ito ang nakatulong sa akin na manampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at naghanda sa akin sa pagtanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo noong ako ay 22 taong gulang na.

PAGTANGGAP SA AKLAT NI MORMON

Lumaki ako sa panahong dumadaan sa pagbabago ang aking bansa. Ang puting minorya na pinamunuan ni Ian Smith ay nagpahayag ng kalayaan mula sa Britanya noong 1965. Dahil dito nabunsuran ang United Nations sanctions at sumiklab ang digmaang sibil na tumagal hanggang 1980, na tanda ng kalayaan sa Zimbabwe. Nang matapos ko ang aking pag-aaral, lumipat ako sa lungsod para magtrabaho at hindi nakadalo sa alinmang simbahan nang ilang taon.

Isang araw, kalaro ko ang mga anak ng aking boss. Ang edad nila ay siyam at pitong taong gulang. Sabi nila, "Alam mo ba na tatay namin ang branch president sa Simbahan namin." Ipinaliwanag nila kung ano ang branch president, at bigla ko na lang sinabi, nang hindi ko pinag-isipan, "Hindi mapupunta sa langit ang tatay ninyo." Natanto ko na nakagawa ako ng malaking pagkakamali, kaya agad akong nag-isip ng sasabihin ko sa kanila para malimutan nila ang sinabi ko. Sa pagtatapos ng araw, nang makita nila ang kanilang ama, patakbo silang lumapit sa kanya at inulit ang sinabi ko. Inisip ko na matatanggal ako sa trabaho.

Bago iyon may ipinakitang jacket sa akin ang boss ko na nagpapakita na noong siya ay nasa military pa ay nakapatay siya. Kaya nasabi ko iyon. Mahinahon niya akong tinanong kung bakit ko nasabi iyon. Sabi ko, "Boss, hindi ba sabi ninyo nakapatay kayo sa digmaan. Sinasabi sa Biblia na, 'Huwag kang papatay.'"

Tinanong niya kung aling simbahan ang dinaluhan ko. Sinabi ko sa kanya na dati akong nagsisimba sa Katoliko pero pitong taon na akong hindi nakakadalo. Nagbahagi siya ng mga pangyayari sa Lumang Tipan tungkol sa mga digmaan at labanan, at pagkatapos ay binigyan niya ako ng kopya ng Aklat ni Mormon. Tuwang-tuwa ako na hindi ako nawalan ng trabaho.

Binigyan niya ako ng Aklat ni Mormon noong 1981, pero hindi ko ito binasa o binuklat man lang sa loob ng dalawang taon. Isang araw ng Linggo na lumuwas ang mga kaibigan ko, nainip ako kaya dinampot ko ang aklat at nagpunta sa malapit na istasyon ng tren para magbasa. Nang magbasa ako nang araw na iyon, naramdaman kong nahikayat akong gumawa ng mabuti, pero ang talagang nakaantig sa puso ko kalaunan sa pagbabasa ko ay ang 3 Nephi 11. Binasa ko ang tungkol sa mga Nephita na nakaligtas mula sa digmaan at ligalig, at ang pagpapakita sa kanila ng Tagapagligtas na si Jeucristo.

Dumanas din ng digmaan ang bansa ko sa loob ng 15 taon. Ilan sa mga kababata ko sa nayon namin ang sumabak sa digmaan at hindi na nakabalik. Ang iba ay baldado na habambuhay.

Kaya, habang nagbabasa ako tungkol sa mga Nephita, nadama ko na parang nakikipag-ugnayan sa akin ang Tagapagligtas nang sinabi Niya, "Bumangon at lumapit sa akin, upang inyong maihipo ang inyong mga kamay sa aking tagiliran, at upang inyo ring masalat ang bakas ng pako sa aking mga kamay at aking mga paa, upang inyong malaman na ako nga ang Diyos ng Israel, at ang Diyos ng buong sangkatauhan, at pinatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (3 Nephi 11:14).

Nadama ko na parang nakikipag-ugnayan siya sa akin sa personal na paraan, iniimbita akong lumapit sa Kanya. Natanto ko na magagawa ko ito. Binago nito ang lahat.

PAGKAKAROON KO NG PATOTOO

Inabot ng ilang buwan bago ako nagkaroon ng lakas-ng-loob na magsimba. Alam ko kung nasaan ang simbahan, pero walang mga missionary sa aming maliit na branch. Noong Pebrero 1984, pumunta ako sa Kwekwe chapel. Gusto kong umatras. Hindi ko alam kung kabilang ako kaya naupo ako sa likod, para mabilis makalabas. Matapos ang opening exercises, nagpatotoo ang branch president, si Mike Allen, tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo at sa Aklat ni Mormon. Nakaugnay ako. Ang sumunod na tumayo ay nagpatotoo rin tungkol sa Tagapagligtas at sa Aklat ni Mormon, at gayundin ang pangatlo. Tuwang-tuwa ako. Wala akong lakas-ng-loob na pumunta sa pulpito, kaya nanatili ako sa aking kinatatayuan at nagsabing, "Mahal ko si Jesus. Binabasa ko ang Aklat ni Mormon." At umupo na ako. Iyon ang simula ng aking patotoo.

Ang mga patotoong iyon ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng Panginoon sa akin dahil nakatulong iyon para madama ko na kabilang ako. Pakiramdam ko ay mga kapatid ko ang mga ito. Nang sumunod na mga araw

Nalaman ko na ang pagiging disipulo ay isang proseso at kailangan nating patuloy na sumulong sa buhay.

ipinagdasal ko sila at ang kanilang pagtanggap.

May nakilala ako na mga miyembro doon na napakabait at tumulong sa akin.

Napakaraming nangyari nang pumasok ako ng chapel. Iniisip ko kung ano kaya ang nangyari kung hindi nagpatotoo ang mga miyembrong iyon. Hindi mo malalaman kung may isang tao na nahihirapan. Kapag tumayo ka at sinabi mo ang nadarama mo, maaaring iyon mismo ang kailangang marinig ng isang tao.

Ibahagi nang madalas ang iyong patotoo. Kapag ginawa mo ito, pinalalakas mo ang iyong sarili at ang ibang nasa paligid mo. Panindigan ang nalalaman mo. Kapag sinunod mo ang payo na ito mula sa Aklat ni Mormon, mas mapapalapit ka sa Tagapagligtas.

LUMAPIT SA TAGAPAGLIGTAS

Ang panahong inukol ko sa Loreto Roman Catholic ang naging simula ng pagtahak ko tungo sa pagiging disipulo ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Mula noon nalaman ko na ang pagiging disipulo ay isang proseso at kailangan nating patuloy na sumulong anuman ang ating mga kahinaan at limitasyon. Kapag tinanggap natin ang paanyaya na: "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" (Mateo 5:48), tayo ay susulong tungo sa buhay na walang-hanggan nang "taludtod sa taludtod, utos sa utos" (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 98:12).

Alam natin na ang daan ay hindi laging magiging madali, at daranas tayo ng mga paghihirap at dalamhati bunga nito, ngunit ang umasa at magtiwala sa Panginoon ang tanging paraan upang magkaroon ng kapayapaan sa ating buhay.

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang lahat-lahat sa akin. Alam ko na nakikipag-ugnayan sa atin ang Tagapagligtas. Kailangan nating umasa at magtiwala sa Kanya, at tumulong na iangat ang iba habang tinutulungan at pinasisigla Niya tayo. ■

Ano ang sasabihin mo kapag hindi naniniwala ang mga kaibigan mo na maaaring mangyari ang Unang Pangitain?

"Sa pamamagitan ng personal na paghahayag, magkakaroon kayo ng sariling patotoo na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, na si Joseph Smith ay propeta, at ito ang Simbahan ng Panginoon. Anuman ang sabihin o gawin ng ibang tao, walang makapag-aalis sa patotoo na ikinintal sa inyong puso't isipan sa kung ano ang totoo."

Pangulong Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2018, 95.

Magkaroon ng Pananampalataya

Sa mga espirituwal na tanong, hindi lamang lohika ang kailangan natin; kailangan din nating magkaroon ng pananampalataya na malaman na talagang maaaring mangyari ang Unang Pangitain. Maaari tayong magtaglay ng ganyang pananampalataya sa pamamagitan ng pagtatanong sa Ama sa Langit at pakikinig sa Espiritu.

Julia B., edad 17, California, USA

Pag-aralan ang Biblia

Sabihin sa mga kaibigan mo na pag-aralan ang Biblia. Kung pinaniniwalaan nila ito bilang salita ng Diyos, kung gayon dapat silang maniwala na talagang nangungusap ang Diyos sa atin ngayon na gaya ng Unang Pangitain dahil ginawa rin Niya ito kina Adan, Moises, Isaias, at iba pang mga propeta sa iba't ibang paraan.

Elder Muanda, edad 22, Kenya Nairobi Mission



Humingi sa Dios

Ang katotohanan na tumagal ang apostasiya nang daan-daang taon ay hindi nangangahulugan na itinigil ng Diyos ang Kanyang mga pangitain. Kailangan nating magkaroon ng mapagpakumbabang puso at humiling sa Diyos nang may tunay na layunin at matapat na puso, tulad ni Joseph Smith.

Jeremi E., edad 19, Kinshasa, Democratic Republic of the Congo

Maniwala sa Diyos

Itatanong ko sa mga kaibigan ko, “Naniniwala ka ba sa Diyos? Naniniwala ka ba na Siya ang lumikha ng lahat ng bagay? Naniniwala ka ba na nagpakita Siya sa mga propeta noong unang panahon? At kung naniniwala ka, bakit hindi ka naniniwala na posible iyan ngayon? Posible ito!”

Sarah M., edad 16, Utah, USA

Ibahagi ang Iyong Patotoo

Ibinabahagi ko ang aking patotoo sa mga kaibigan ko na ang ating Ama sa Langit ay naghahayag ng mga bagay-bagay sa Kanyang mga anak kung hihiling sila sa Kanya nang may matapat na puso upang malaman ang katotohanan. Ninais malaman ni Joseph Smith na malaman ang katotohanan, at kumilos siya ayon sa kanyang pananampalataya. Kayo rin ay magkakaroon ng napakagandang karanasan kung magtatanong kayo sa Ama sa Langit nang buong puso.

Mara C., edad 20, Lima, Peru

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito. Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Ano Ba ang Nasa Isip Mo?

“Nahihirapan akong makasundo ang aking mga magulang. Paano ko mas mapapabuti pa ang aming ugnayan?”

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, magsama ng isang malinaw na larawan bago sumapit ang Mayo 15, 2020, sa liahona.ChurchofJesusChrist.org (pindutin ang “Submit an Article or Feedback”). O mag-email sa liahona.ChurchofJesusChrist.org.

Paano isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon?

Bago itinago ang mga gintong lamina, isinulat ni Moroni, ang huling propeta sa Aklat ni Mormon, sa pahina ng pamagat ng aklat na ang aklat na ito ay isasalin “sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.” Ito pa rin ang pinakamagandang paglalarawan ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon.

Idinikta ni Joseph Smith ang mga salita sa mga eskriba, karamihan ay kay Oliver Cowdery. Dahil nagsasalin si Joseph sa di-kilalang wika, kinailangan niyang umasa sa Panginoon. Isang paraan ng pagtulong ng Diyos ang paglalaan ng pisikal na kasangkapang magagamit ni Joseph sa pagsasalin. Ayon sa mga saksi tumingin si Joseph sa mga instrumento at nakita niya ang mga salita sa wikang ingles. Kasama sa mga kasangkapan sa pagsasalin ang “mga pansalin” o “Urim at Tummim”—dalawang malilinaw na bato na nakakabit sa isang metal para makatingin si Joseph sa pamamagitan ng mga ito. Ibinigay ito kay Joseph kasama ng mga lamina. Ang isa pang instrumento na ginamit ni Joseph ay ang “bato ng tagakita” na tinitingnan niya, na kadalasang inilalagay sa loob ng sombrero. Natagpuan ni Joseph ang batong ito noon pa at ginamit na panghanap sa mga bagay na nakatago o nawala. Ginamit niya ang mga pansalin at ang bato ng tagakita habang siya ay nagsasalin, laging umaasa sa inspirasyon ng langit.

Ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay tunay na isang himala at ginawa “sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.”

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, tingnan sa “Book of Mormon Translation” sa topics.ChurchofJesusChrist.org o sa Gospel Topics sa Gospel Library app.

Apat na Imahe mula sa
LINGGO NG PAGKABUHAY

PAGLALARAWAN NG KORONANG TINIK NI DILLEEN MARSH

Mga Koronang Tinik

Tingnan sa Mateo 27:29; Marcos 15:17; Juan 19:2.

Pinutungan ng mga kawal na Romano ng koronang tinik ang Tagapagligtas. "Marahil ang malupit na gawaing ito ay isang balakyot na pagtatangka nating gayahin ang paglalagay ng isang emperador ng laurel sa Kanyang ulo. . . . Napakatindi ng sakit na dulot nito, dahil kung iisipin ang mga tinik ay nagpapahiwatig ng hinagpis ng Diyos nang sumpain Niya ang lupa alang-alang kay Adan upang magmula sa araw na iyon ay sibulan ito ng mga tinik. Ngunit sa pagsusuot ng korona, ginawa ni Jesus ang mga tinik bilang simbolo ng Kanyang kaluwalhatian" (Pangulong James E. Faust, pangkalahatang kumperensya ng Abr. 1991).

"Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito" (Juan 18:36).

CHRIST AND PILATE, NI MARCUS VINCENT, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Balabal na Kulay-ube

Tingnan sa Mateo 27:28; Marcos 15:17; Juan 19:2.

Ang kulay na ube ay kulay ng hari, at ang mga kawal ay pakutyang isinuot ang balabal na ito kay Jesucristo dahil inihayag Niya na Siya ang hari ng mga Judio. Mangyari pa, sa katunayan, Siya ay higit pa riyan—Siya ay "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon" (I Kay Timoteo 6:15; Apocalipsis 19:16).

"Ang dugo ay lumalabas sa bawat butas ng kanyang balat, napakasidhi ng kanyang magiging pagdurusa" (Mosias 3:7).

Pisaan ng mga Olibo

Tingnan sa Mateo 26:36; Marcos 14:32; Lucas 22:39–40; Juan 18:1.

"Ito ay nakakaantig na makahulugan na ang 'dugo [ay lumabas] sa bawat butas ng balat' [Mosias 3:7] nang magdusa ang Tagapagligtas sa Getsemani, ang lugar ng pisaan ng mga olibo. Para magkaroon ng langis ng olibo sa panahon ng Tagapagligtas, pinagugulungan muna ng malaking bato ang mga olibo para mapisa. Ang "napisang" olibo ay inilalagay sa malalambot na hinabing basket, na pinagpatung-patong. Ang bigat nito ang nagpipiga ng unang katas ng pinakapurong langis. Pagkatapos ay dinadaganan pa ng malaking kahoy o troso ang patung-patong na basket para magpiga ng mas maraming langis. Sa huli, para mapiga ang pinakahuling katas, pinapatungan ng mga bato ang isang dulo ng kahoy para lalo pa itong makapagpiga. At tama, kasing-pula ng dugo ang unang langis na napiga" (Elder D. Todd Christofferson, Okt. 2016 pangkalahatang kumperensya).

LARAWAN NG PISAAN NG UBAS MULA SA GETTY IMAGES

Libingang Walang Laman

Tingnan sa Mateo 28:1–8; Juan 20:1–18.

"Libingang walang laman sa unang umagang iyon ng Paskua ang tugon sa tanong ni Job na, 'Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?' [Job 14:14]. Sa lahat ng nakaririnig sa akin, ipinahahayag ko, Kung ang isang tao ay mamatay, siya ay muling mabubuhay. Alam natin, sapagkat nasa atin ang liwanag ng inihayag na katotohanan" (Pangulong Thomas S. Monson, "Siya ay Nagbangon!" Abr. 2010 pangkalahatang kumperensya).

"Wala siya rito, datapuwa't nagbangon" (Lucas 24:6).

ANO ANG LAYUNIN MO?

Bilang mga young adult, bawat isa sa atin ay may papel na gagampanan sa patuloy na Panunumbalik. Paano ka nakikibahagi?

42

MGA KABATAAN

ANG IYONG PATOTOO TUNGKOL SA UNANG PANGITAIN

52, 62

PASKO NG PAGKABUHAY

APAT NA LARAWAN

64

PARA SA MGA BATA

BASAHIN ANG KUWENTO TUNGKOL SA PANUNUMBALIK

K4

4 021671 198932

TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Abril 2020

Kaibigan

Buhay si Jesucristo at Ipinanumbalik ang Kanyang **SIMBAHAN!**

Ang bahaging para sa mga bata ng *Liahona*, inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ni Pangulong Russell M. Nelson

Pagtulong sa PANUNUMBALIK

Noong 1820, nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith. Sinabi ng Ama sa Langit, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" Ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay nagsimula nang araw na iyon 200 taon na ang nakararaan. Patuloy pa rin ito ngayon!

Balang-araw muling paparito si Jesucristo sa mundo. Narito ang apat na paraan na maaari kang makatulong sa Panunumbalik at makapaghanda para sa panahon ng pagbabalik ni Jesus:

- Isalig ang iyong pananampalataya kay Jesucristo.
- Alamin ang tungkol sa iyong pamilya at tumulong na magawan sila ng gawain sa templo.
- Maghandang pumunta sa templo.
- Tulungan ang iba na malaman ang tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan.

Ang paggawa ng mga bagay na ito ay makakatulong para maihanda ang mundo sa maluwalhating araw na paparitong muli si Jesus! ●

MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Hango mula sa, "Pag-asa ng Israel" (pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018), 19, HopeOfIsrael.ChurchofJesusChrist.org.

Sinabi ni Pangulong Nelson na makakatulong ang mga bata sa Panunumbalik. Ano ang isang paraan na makakatulong ka?

Pag-aaral Tungkol sa Panunumbalik

Itinuturo ng mga missionary sa pamilyang ito kung paano ipinanumbalik ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hanapin ang mga item sa ibaba na kumakatawan sa mga bahagi ng Panunumbalik.

Word of Wisdom

sakramento

gawaing misyonero

mga banal na kasulatan

kaloob na Espiritu Santo


mga templo

family history

simbahan

priesthood

Buklatin ang pahina para malaman pa ang tungkol sa Panunumbalik!

MGA PAGLALARAWAN NI CARLES MARTÍ

Ang Simbahan ni Jesucristo ay Ipinanumbalik!

Bago tayo pumarito sa mundo, nabuhay tayo sa piling ng ating mga Magulang sa Langit. Mahal Nila tayo! Ang Ama sa Langit ay may dakilang plano para sa atin. Paparito tayo sa mundo upang magkaroon ng katawan at matuto at umunlad. Pagkatapos ay makakabalik tayo sa ating tahanan sa langit. Ngunit hindi natin ito magagawa nang mag-isa. Kakailanganin natin ang tulong.

Pinili ng Ama sa Langit ang ating panganay na kapatid, si Jesucristo, na pumarito sa lupa upang tulungan tayo. Ipinakita sa atin ni Jesus kung paano mahalin ang iba at sundin ang mga utos ng Ama sa Langit. Pumili Siya ng mga Apostol para mamuno sa Kanyang Simbahan.

Pagkatapos ay nagdusa si Jesus para sa atin sa Halamanan ng Getsemani. Nadama Niya ang lahat ng ating mga pasakit at kalungkutan. Namatay Siya sa krus para sa atin. Dahil dito, maaari tayong bumaling sa Kanya kapag tayo ay nasasaktan o nalulungkot o nangangailangan ng tulong. Maaari tayong magsisi kapag nagkakamali tayo.

Sa ikatlong araw matapos mamatay ni Jesus, Siya ay nabuhay na mag-uli. Si Jesus ay nabuhay na muli! Dahil diyan, mababuhay din tayong muli. Maaari tayong mamuhay muli sa langit matapos tayong mamatay.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, dinalaw ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa Jerusalem at sa mga lupain ng Amerika. Iniutos Niya sa Kanyang mga Apostol na ituloy ang pagtuturo ng Kanyang ebanghelyo sa mga tao. Ang maraming taong nakarinig sa mga Apostol ay nabinyagan at sumapi sa Simbahan.



Pagkamatay ng mga Apostol, nagsimulang kalimutan ng mga tao ang ilang mahahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesus. Tumigil sila sa paniniwala na palaging bibigyan ng Ama sa Langit ng inspirasyon ang Kanyang mga anak sa mundo. Nalimutan nila na lahat ng tao ay magkakaroon ng pagkakataong magpabinyag. Tumigil sila sa paniniwala na ang mga propeta at apostol ay laging mamumuno sa Simbahan.

Maraming taon ang lumipas. Sa huli, panahon na para ibalik ang nawawalang bahagi ng ebanghelyo ni Jesus. Panahon na para ipanumbalik ang Kanyang Simbahan! Kailangan ng Ama sa Langit ng isang magiging propeta at tutulong na maibalik ito sa mundo. Pinili Niya ang isang batang lalaki na nagngangalang Joseph Smith.

Isang araw, si Joseph ay nagbabasa ng Biblia. Sa Santiago 1:5, sinabi nito na sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga tanong kapag humiling tayo nang may pananampalataya. Si Joseph ay may tanong! Alam niya na maraming Simbahan ang nagtuturo tungkol kay Jesus. Ngunit nais niyang malaman kung may isang katulad ng Simbahan ni Jesus sa Bagong Tipan.

Sa isang magandang tagsibol na halos kasabay ng Pasko ng Pagkabuhay, nagtungo si Joseph sa kakahuyan malapit sa kanyang tahanan. Lumuhod siya at nagsimulang magdasal. Pagkatapos ay may naramdamang hindi maganda si Joseph. Pinipilit ni Satanas na pahinain ang loob niya. Ngunit patuloy na nagdasal si Joseph nang buong kakayahan niya.

Pagkatapos ay bumaba ang isang magandang liwanag. Nakita ni Joseph ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Ito ang tinatawag na Unang Pangitain. Sinabi Nila na ang Simbahan ni Jesus ay wala pa sa mundo. Ngunit malapit nang dumating. Ang Panunumbalik ay nagsisimula na!

Nagsugo ang Ama sa Langit ng mga anghel upang ibalik ang mahahalagang bahagi ng ebanghelyo. Ibinigay ng Anghel na si Moroni kay Joseph ang mga laminang ginto upang mapasaatin ang Aklat ni Mormon para tulungan tayong malaman ang tungkol kay Jesucristo.

Ibinalik ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood para mabinyagan tayo. Ibinalik nina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood upang matanggap natin ang Espiritu Santo at mabigyan ng mga basbas kapag tayo ay maysakit.



Pumarito si Elijah upang mabuklod tayo sa ating mga pamilya sa templo.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa. Ibig sabihin naibalik na sa mundo ang Simbahan ni Jesus! Lahat ng bagay na ito ay bahagi ng Panunumbalik.

Ang Panunumbalik ng ebanghelyo ay patuloy pa rin ngayon. Ibinabahagi ng mga propeta, apostol, mga missionary, at mga miyembro ang mabuting balita tungkol kay Jesucristo sa lahat ng dako ng mundo. Nagtatayo ng mga templo sa maraming lupain upang mabuklod ang mga tao sa kanilang mga pamilya magpakailanman. At ang Simbahan ay tumutulong sa mga lugar kung saan may kagutuman o kalamidad.



Lahat ng tao ay may magagawa para makatulong sa Panunumbalik. Makakatulong ka sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa inyong family history at pagsasagawa ng mga binyag sa templo. Makakapagbigay ka ng ikapu sa pagtatayo ng mga simbahan at mga templo. Makakapagbigay ka ng mga handog-ayuno para tulungan ang mga taong nangangailangan. Maaari kang magkuwento sa mga tao tungkol kay Jesucristo.



Ibinigay sa atin ni Jesus ang Kanyang Simbahan upang tulungan tayong makabalik sa ating tahanan sa langit. Makakatanggap tayo ng sakramento at laging aalalahanin ang ginawa Niya para sa atin. Makapagpapakita tayo ng pagmamahal sa iba, tulad ng ginawa Niya. Maaari nating tulungan ang iba na malaman ang tungkol sa Kanyang ebanghelyo! ●

Hanapin Ito!

Dahil sa Panunumbalik, maaari nang malaman ng mga tao ngayon sa buong mundo ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo! Ilang kopya ng Aklat ni Mormon ang mahahanap mo? Gaano karaming watawat ng mga bansa ang mahahanap mo? Dagdag na hamon: Pamilyar ba sa iyo ang alinman sa mga watawat?

PAGLALARAWAN NI KAREN LEWIS

Dinirinig n
sa Langit ar
mga Pana

Narinig ng Ama sa Lan
ni Joseph
Nariringig rin Niya

ng Ama
ng Aking
alangin

ngit ang panalangin
Smith.
a ang sa akin!



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Isang Simbahan para kay Zulma

Siguro may gusto pang ipaalam ang Diyos kay Zulma.

Ni Lucy Stevenson
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

"Maghanap, at kayo'y makasusumpong" (3 Nephi 14:7).

Nakaupo si Zulma sa isa sa mga upuan sa Simbahan at iniunat ng palad ang palda ng kanyang uniporme sa paaralan. Nabanaag ang liwanag sa may kulay na mga salamin ng bintana, at isang krus ang nasa harapan ng kapilya. Nag-aral si Zulma sa isang paaralan ng simbahan, kaya dalawang beses sa isang araw siyang nagsisimba kasama ang iba pang mga estudyante. Gusto ni Zulma sa simbahan nila. Mahal niya si Jesus at gusto niyang malaman ang tungkol sa Kanya.

Tahimik siyang umupo nang magsimula nang magsalita ang pari. Pero ngayon may nadama siyang kakaiba. Biglang may bagong impresyon na pumasok sa isip at puso niya: *Mas marami pang katotohanan sa labas*.

Nagsalubong ang mga kilay ni Zulma. Mas marami pang katotohanan? Ano ang ibig sabihin niyon?

Muli niyang naisip ang impresyon. *Mas marami pang katotohanan*.

Pumikit si Zulma at nagpokus sa nadarama niya. Marami siyang natutuhang mabubuting bagay sa simbahan. Pero ngayon, inisip niya kung may kulang pa ba. Siguro may gusto pang ipaalam sa kanya ang Diyos. Pero paano niya mahahanap ito?

Kalaunan ikinuwento niya sa kuya niyang si Alberto ang mga nasa isip niya.

"Naisip mo na mas marami pang katotohanan sa labas?" Tanong ni Alberto.

Tumango si Zulma. "Gusto kong malaman ang tungkol sa ibang mga simbahan," sabi niya.

"OK," sagot ni Alberto. "Sasamahan kita!"



Heto si Zulma noong bata pa siya. Nasa kanan ang larawan niya ngayon kasama ang kanyang asawa, si Elder Walter F. González ng Pitumpu.

Sa loob ng ilang taon, bumisita sina Zulma at Alberto sa iba't ibang simbahan. Pagkatapos ng isang service sa Simbahan, sinabi ni Alberto, "Mababuting bagay naman ang itinuro ng simbahang iyon."

Sumang-ayon si Zulma, pero pakiramdam niya may kulang dito, kaya patuloy silang naghanap.

Isang araw nagmamadaling umakyat si Alberto sa bahay nila. "Nakita ko na ang simbahang hinahanap natin!" Sabi ni Alberto. Niyakap niya nang mahigpit si Zulma.

Nanlaki ang mga mata ni Zulma. "Saan? Paano?"

"May nakilala ang kaibigan ko na ilang missionary sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ni Alberto. "Nakinig ako sa kanila, at naniniwala ako sa itinuro nila!"

Tuwang-tuwa sina Zulma at Alberto kaya napasayaw sila sa buong bahay. Pero may malungkot na balita kay Zulma. Ayaw ng Mamá niya na makipag-usap siya sa mga missionary. "12 anyos ka pa lang," sabi ni Mamá. "Masyado ka pang bata."

Dahil mas matanda si Alberto, pinayagan siya na patuloy na makipag-usap sa mga missionary. Pagkaraan ng ilang linggo ay nabinyagan siya.

Paulit-ulit na itinanong ni Zulma sa kanyang Mamá kung maaari na siyang magpaturo sa mga missionary. Sa wakas, pumayag si Mamá.

Nang tinuruan ng mga missionary si Zulma, nakadama siya ng sigla sa kanyang puso. Hirap magsalita ng Espanyol ang isa sa mga missionary, pero hindi na mahalaga iyon. Ang mahalaga ay masaya ang pakiramdam ni Zulma. Nang malaman niya ang tungkol kay Joseph Smith at sa Aklat ni Mormon, alam niyang natagpuan na niya ang katotohanang hinahanap niya!

Gusto ni Zulma na magpabinyag. Pero ano ang sasabihin ni Mamá?

Tuwang-tuwa si Zulma nang pumayag si Mamá! Sa araw ng kanyang binyag, nakasuot ng puting damit si Zulma. Alam niyang mahal siya ng Diyos. Alam niyang kilala siya ng Diyos. At alam niyang tinulungan Niya siya na matagpuan ang Kanyang ipinanumbalik na Simbahan! ●

PAGLALARAWAN NI SCOTT WAKEFIELD



Ang Unang Pangitain

Mapitagan ♩ = 68

Mga titik at himig: Nathan Howe

D G D G

D A G A

1. May ta - nong si Jo - seph, siya ay na - li - li - to, Ka -
2. Kaka - hu - yang ta - hi - mik, do - on siya nag - tu - ngo, Ta -
3. Mula sa pa - ngi - ta - in, kay - ra - ming na - ha - yag. E -

F C B♭ A

ya siya'y nag - sa - lik - sik, nag - a - ral nang hus - to. Kan -
os - pu - song nag - da - sal, sa Diyos nag - su - ma - mo. Ang
bang - hel - yo sa a - ti'y Kan - yang 'pi - na - a - lam: La -

D E m E A

yang 'pi - nag - da - sal ta - la - tang na - ba - sa, At
A - ma at A - nak sa lu - pa'y bu - ma - ba Si
ngit bu - kas pa rin; Siya'y na - ngu - ngu - sap pa. Tu -

© 2020 by Nathan Howe. All rights reserved.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

MGA PAGLALARAWAN NI SARAH KEELE



G Em F♯m Bm Em7 A7 D

na - ba - tid niya na sa Diyos da - a'y ma - ki - ki - ta.
Jo - seph di - ni - nig, e - bang - hel - yo'y i - bi - na - lik. Kan - yang da -
ma - ta - wag ng pro - pe - ta u - pang ta - yo'y ga - ba - yan.

D Em F♯m Em Bm

sal, di - ni - nig ng la - ngit. A - ma't A - nak ay ki - la - la

A D G A D G

siya. Nag - da - ra - sal; Ma - hal a - ko ng Diyos, Da -

Em A D G D

sal ko'y di - ring - gin.



Hello mula sa Sagradong Kakahuyan!

1

Noong 14 na taong gulang si Joseph Smith, nanirahan siya sa isang bahay na yari sa troso sa New York, USA. Siya ay may limang kapatid na lalaki at tatlong kapatid na babae. Masunurin siya sa kanyang mga magulang at palakaibigan sa iba. Binasa niya ang Biblia kasama ng kanyang pamilya, pero magkakaiba sila ng simbahan.

2

Si Joseph ay masipag. Tumulong siya sa pagputol ng mga puno para makapagtanim ang kanyang pamilya. Tumulong din siya sa kanyang pamilya sa pagkuha ng katas mula sa puno ng maple para makagawa ng asukal.

Sa buwang ito, bilang pagdiriwang sa Panunumbalik, pupuntahan namin ang lugar kung saan nangyari ang Unang Pangitain 200 taon na ang nakararaan!

3

Nais ni Joseph na maghanap ng simbahang katulad ng nasa Biblia. Isang araw nagpunta siya sa kakahuyan at nanalangin. Ang Ama sa Langit at si Jesus ay nagpakita sa kanya. Sinabi Nila sa kanya na pinatawad na ang kanyang mga kasalanan. Sinabi rin Nila na hindi siya dapat sumapi sa alinman sa mga simbahan. Hindi magtatagal ipanunumbalik ang Simbahan ni Jesus!

4

Pinagtawanan si Joseph ng maraming tao dahil sa kanyang nakita. Sinabi nila na gawa-gawa lang niya ang lahat ng ito. Pero hindi tumigil si Joseph sa pagsasabi ng katotohanan. Sinabi niya, "Ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:25).

5

Ngayon, mabibisita na ng mga tao ang lugar kung saan nanalangin si Joseph. Ito ay maganda at napakatahimik.

Naninirahan ang mga batang ito sa lugar kung saan lumaki si Joseph Smith!

Alam ko na ang Sagradong Kakahuyan ay isang espesyal na lugar dahil nanalangin si Joseph Smith at nakita roon ang Ama sa Langit at si Jesus.

Piper D., edad 5,
New York, USA

Nagpapasalamat ako na nakatira kami nang malapit sa tahanan ni Joseph Smith. Gustung-gusto kong pumunta sa palimbagan sa Grandin Building. Gusto ko talagang makita kung saan nila unang inilimbag ang mga unang kopya ng Aklat ni Mormon.

Roscoe B., edad 9,
New York, USA

Salamat at sinamahan ninyo kami sa pagbisita sa Sagradong Kakahuyan. Hanggang sa muli!

MGA LARAWAN NG MGA BATANG LALAKI NA KUHA NI JULIE POULSON; MGA PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

Ang Pamilya ni Alonso na Pangwalang-hanggan

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

*"Sapagkat ang templo ay banal na lugar kung saan tayo ibinubuklod" (*Children's Songbook, *95).*

"Ang Pasko ng Pagkabuhay ay isang magandang pagkakataon para pagnilayan ang tungkol kay Jesus at alalahanin ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli," sabi ni Sister Rojas. Itinaas niya ang isang larawan ni Jesus. "Dahil sa Kanya, ang mga tao na namatay ay muling mabubuhay."

Tumingala si Alonso nang sabihin ito ng kanyang titser sa Primary. *Ibig pong sabihin makikita kong muli ang mga magulang ko?* pagtataka ni Alonso.

Namatay si Mamá maraming taon na ang nakaraan. Hindi siya gaanong natatandaan ni Alonso, pero gusto niyang tinitingnan ang mga larawan nito. Pagkatapos ay namatay din ang Papá niya.

Nakatira ngayon si Alonso kay Abuela, ang kanyang lola. Tinuturuan siya nito tungkol sa simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Bibinyagan at makukumpirma siya sa susunod na taon, kapag nasa hustong gulang na siya.

Pagkatapos ay itinaas ni Sister Rojas ang larawan ng isang puting gusali. "Isa pang napakagandang kaloob mula kay Jesus ay ang mga templo. Ito ay isa sa mga templo rito sa Chile."

Tiningnan ni Alonso ang gintong estatwa na nasa

tuktok ng gusali. Ang ganda! Inisip niya kung ano kaya ang nangyayari sa loob.

"Ang mga templo ang lugar kung saan ibinubuklod ang mga pamilya magpakailanman," sabi ni Sister Rojas. "Dito sa templong ito sa Santiago ako nabuklod sa mga magulang ko matapos kaming sumapi sa Simbahan. Dahil nabuklod kami, makakasama ko sila kahit sa kabilang-buhay."

Natuwa si Alonso nang marinig niya ito. "Mabubuklod po ba ako sa mga magulang ko?" tanong niya. "Kahit patay na sila?"

Tumango si Sister Rojas. "Oo! Isa iyan sa mga dahilan kung bakit napakahalaga ng mga templo. Pinagpapala nito ang lahat ng miyembro ng ating pamilya, pati na ang mga namatay na."

Buong maghapong inisip ni Alonso ang tungkol sa mga templo. Hiniling niya kay Abuela na turuan pa siya. Ikinuwento ni Abuela ang puting damit na isinusuot ng mga tao sa loob at ang magagandang artwork o gawang-sining sa mga pader.

"Higit sa lahat, ito ang lugar kung saan ka mabubuklod sa iyong mga magulang," sabi ni Abuela. "Hihiling tayo ng dalawang tao mula sa ward para mag-proxy sa pagbubuklod."

"Puwede po ba tayong pumunta bukas?" tanong ni Alonso. "Gusto ko pong makasama si Mamá at Papá magpakailanman!"

Ngumiti si Abuela. "Natutuwa ako't gusto mong pumunta," sabi niya. "Pero ang pinakamalapit na templo ay sa Concepción. Wala tayong sapat na pera para sa tiket ng bus."

"Tutulong po ako sa pag-iipon para makabiyahe papunta roon!" sabi ni Alonso.

Mula sa sandaling iyon, sa tuwing makakapulot ng barya sa kalsada si Alonso o nagkakaroon ng pagkakataong kumita ng pera, nagbabayad siya ng ikapu at idinaragdag ang natira sa kanilang pondo para sa templo.

Pagkalipas ng ilang buwang pag-iipon, may sapat na pera na sina Alonso at Abuela para makabiyahe papunta sa templo. Hiniling nila kina Brother at Sister Silva na sumama sa kanila. Sa araw ng pag-alis, sumakay sila ng bus at nagbiyahe nang matagal papunta sa lungsod ng Concepción. Halos palubog na ang araw nang masulyapan ni Alonso ang tila ginto sa malayo.

"Nakikita ko si anghel Moroni!" sabi ni Alonso, habang nakaturo sa estatwa sa tuktok ng asul na bubong ng templo.

Nagpalipas sila ng gabi sa isang apartment sa tabi ng templo. Kinaumagahan, pumasok sa templo si Alonso sa unang pagkakataon. Nakita niya ang isang malaking larawan ni Jesus sa loob. Nakasuot sila ni Abuela ng puting damit. Masaya at payapa ang kanyang pakiramdam.

Nang oras na para sa pagbubuklod, naglakad si Alonso sa magandang silid na may mga salamin sa pader. Ipinakita ng isang temple worker kina Alonso, Abuela, at sa mga Silva ang isang espesyal na mesa na tinatawag na altar. Ito ay nababalutan ng malambot na tela.

Naroon sina Brother at Sister Silva para sa ina at ama ni Alonso. Naroon si Abuela para sa kapatid na babae ni Alonso na namatay bago isinilang si Alonso.

Pumikit si Alonso at inilarawan sa isipan niya na magkakasama ang kanyang pamilya.

Hindi na ako makapaghintay na makita silang muli, naisip ni Alonso. *Talagang nagpapasalamat ako na malamang maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman!* ●

MGA PAGLALARAWAN NI MARK JARMAN

Ni Sister Joy D. Jones
Primary General President

Ang Templo at IKAW

PAGLALARAWAN NI JARED MATTHEWS

Bago maipanumbalik ang Simbahan, inakala ng mga tao na kung may kapamilya sila na namatay nang hindi nabinyagan, hindi na nila ito makikitang muli. Ngunit dahil sa Panunumbalik, maaari tayong binyagan para sa kanila sa loob ng templo. Maaari tayong sama-samang mabuklod nang walang-hanggan!

Tulad ni Joseph Smith, pinili ka rin ng Ama sa Langit na gumawa ng mahalagang gawain sa iyong buhay. Ilan sa mga gawaing iyan ay magagawa sa mga templo. Maaari mong tipunin ang mga pangalan ng iyong mga ninuno na hindi nabinyagan noong nabubuhay pa sila sa mundo. Matapos kang tumanggap ng temple recommend, maaari kang magpunta sa templo at magpabinyag para sa kanila.

Habang ginagawa mo ang gawaing ito, manalangin sa Ama sa Langit na gabayan ka. Ang iyong mga ninuno ay makakatulong din. Napakahalaga at sagradong pagpapala ito sa iyo at sa kanila!

Ang ilan sa inyo ay maaaring hindi pa makakagawa ng gawain sa templo ngayon, ngunit magagawa rin ninyo iyan balang-araw. Laging tandaan na ikaw ay anak ng Diyos. Minamahal ka Niya nang lubos.

Makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo at maghanda na makapunta sa templo balang-araw. Ang paggawa nito ay tutulong sa iyo na magkaroon ng magandang buhay para sa iyong sarili at para sa iyong pamilya sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Kapag ginagawa mo ang gawain ng Panginoon, tutulungan ka Niya. Ikaw ay isa sa Kanyang magigiting na espiritu. ●

Ikaw ay minamahal na anak ng Diyos, na kilala Niya at minamahal Niya. Kilala ng Diyos si Joseph Smith. Gayundin ikaw. Kilala ka ng Diyos.

Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol
Hango sa "Ang Pagpapala ng Panunumbalik para sa Iyo," *Liahona,* Peb. 2020, 52.

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Mahal Naming mga Magulang,

Sa unang bahagi ng tagsibol noong 1820, si Joseph Smith ay nanalangin at nakita niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Ang magasing ito ay naglalaman ng tungkol sa espesyal na panahong iyon. Narito ang ilang pahinang dapat makita:

- Nakalahad sa isang kuwentong gumagamit ng mga larawan kung paano naging bahagi ng plano ng Diyos ang Ipinanumbalik na Simbahan (K4–10).
- Sinabi ni Pangulong Nelson kung paano tayo makakatulong sa Panunumbalik (K2).
- Isang bagong awitin ang nagtuturo tungkol sa Unang Pangitain (K16–17).
- Itinuturo ng kuwento kung paano mapagpapala ng Panunumbalik ang ating mga pamilya (K20–21).

Hindi ba't napakaganda na maaari tayong mapabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw? Ibahagi natin ang mabuting balita ni Jesus at ang Kanyang Simbahan sa mundo!

Maligayang Pasko ng Pagkabuhay,

Ang *Kaibigan*

PAANO IPAPADALA ANG ARTWORK O KARANASAN NG IYONG ANAK SA *LIAHONA*

Pumunta sa liahona.ChurchofJesusChrist.org at pindutin ang "Submit an Article or Feedback." O ipadala ito sa amin sa email sa liahona@ChurchofJesusChrist.org kasama ang pangalan ng iyong anak, edad, lungsod kung saan nakatira ang iyong anak at ang pahintulot na ito: "Ako, si [isulat ang iyong pangalan], ay nagbibigay ng pahintulot sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na gamitin ang isinumite ng aking anak sa mga magasin ng Simbahan, sa mga website at mga social media ng Simbahan, at kung maaari sa iba pang mga materyal ng Simbahan." Nasasabik kaming makarinig mula sa inyo!

Hanapin ang nakatagong Liahona sa loob!

MGA NILALAMAN

K2 Mula sa Unang Panguluhan: Pagtulong sa Panunumbalik

K4 Ang Simbahan ni Jesucristo ay Ipinanumbalik!

K11 Masasayang Bagay: Hanapin Ito!

K12 Pahinang Kukulayan

K14 Isang Simbahan para kay Zulma

K16 Musika: Ang Unang Pangitain

K18 Hello mula sa Sagradong Kakahuyan!

K20 Ang Pamilya ni Alonso na Pangwalang-hanggan

K22 Ang Templo at Ikaw

K23 Magandang Ideya

© 2020 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

4 021671 198932
TAGALOG